# *Mga Hebreo, Ikapitong Kabanata* [1]

. . .gabi, at ang marinig si Joyce na umawit. Alam n'yo po bang isa na 'yang himala mismo? Ang dalagitang 'yan, papaano niya kayang naisip ang lahat ng 'yun? Hayan nga't bawat gabi mayroon siyang bagong ipinaririnig sa atin. Kung iisipin kung papaano niya naisip ang lahat ng 'yun, masasabing isa talaga siyang dalubhasa sa bagay na 'yan. Pagpalain ng Panginoon ang batang 'yan.

2 Ngayon, bukas, ng alas dos y media, sa punerarya rito sa Charlestown, Indiana. Ang ating pinakamamahal, na yumaong kapatid, si Kapatid na babaing Colvin, atin siyang dadalawin sa pinakahuling pagkakataon upang makapagbigay pugay sa kanya, dito sa—sa punerarya at sa libingan, bukas ng hapon. Siya'y minsang nabuhay na gaya n'yo ngayong gabi, at lumipat na sa kabila ng tabing kung saan kayo'y patutungo rin naman sa panahong darating. At ang lahat ng nagnanais na dumalo sa gawaing 'yan, sige po, ikalulugod nila ang inyong pagdalo. Tunay na magiging malaking tulong 'yan sa pamilyang Colvin, na malaman nilang ang tabernakulo rito, kung saan nagsimba sila nang napakatagal, at marami nang pinagdaanan dito, ay makakarating. . .Ikalulugod namin ang inyong pagpunta. At sa palagay ko ang. . .ang mahal nating Kapatid na McKinney, na nangaral noon sa libing ng kapatid kong lalaki, maraming taon na ang nakalipas, ang siyang mangangaral sa kabuuan ng paglilibing, at hiniling nila sa aking pumunta at alalayan siya sa—sa gawaing paglilibing.

3 Ngayon, medyo naatrasado ang pagdating ko rito, ngayong gabi. Napakarami ko po kasing kailangang asikasuhin nang sabay-sabay, na hindi ko tuloy alam kung alin ba ang dapat kong unahing puntahan. Napakaraming tawag sa telepono, at may malalang banggaan sa kalsada at mga aksidente, at ang mga tao'y nagsisitawag, nagsisidating. Hayan nga't, galing pa ako nitong Louisville, kani-kanina, at nagmamadali akong makabalik dito, at iniwan muna ang ilang mga tawag na talaga namang napakahirap iwanan at kailangang-kailangan nang matugunan, sa palagay ko, sa, gabing ito rin mismo. At kami nga po'y inyong ipanalangin habang kami'y nasa paghayo.

4 At kaninang umaga hindi ako—hindi ako umabot sa aking—aking teksto, sa ika-7 kabanata ng Aklat ng—ng—ng Mga Hebreo. At habang bumubuklat tayo riyan, ngayong gabi, nais kong ipabatid 'yung tungkol sa pagtitipon ni Kapatid na Graham

Snelling, sa may tolda rito, sa dulo ng Brigham Avenue. Kung loloobin ng Panginoon, nais kong makabalik ng Miyerkules ng gabi. At sa gabing 'yan magtatakda tayo ng isang gabi na pupunta tayo roon bilang isang delegasyon, sa darating na sanglinggong ito, upang makadalo sa pagtitipon ni Kapatid na Graham. At sabi niya. . .sabi, "Pinagpala raw 'yung mga tao roon." At—at ikatutuwa niya ang ating pagpunta roon, para samahan siya. Kina Kapatid na Graham Snelling, sinuman sa inyo na nagbabalak na dumalo sa naturang pagtitipon, o may nais, dito lang po 'yan sa dulo ng Brigham Avenue. Maituturo kayo nang kahit sino kung saan 'yan. Dito lang 'yan sa dulo ng palaruan, doon po nakatayo 'yung tolda. Ikatutuwa niya ang inyong suporta. Dahil, tayo bilang isang tabernakulo ay nangakong susuporta sa kanya, nang isang daang porsiyento, kaya sinisikap nating samahan siya.

5 Ngayon, malapit na tayong dumako, kung loloobin ng Panginoon, sa ika-11 kabanata ng Mga Hebreo, sa darating na ilang mga gabi, kung loloobin ng Diyos, at doon sa palagay ko'y magkakaroon din tayo ng mainam na kagalakan.

6 Oh, pinagpala nga tayo ng Panginoon kaninang umaga sa kamangha-manghang paraan, hayan nga't ibinuhos Niya ang Kanyang Espiritu sa atin! At ngayon, sa gabing ito, umaasa tayong gagawin Niya itong muli; at maging sa Miyerkules ng gabi, at sa susunod pang mga gabi. At—at sa mga gabing wala naman ako, nariyan si Kapatid na Neville upang ipagpatuloy ito, sakaling wala ako rito.

7 Hindi ko alam kung anong ipagagawa sa akin, maaari kasing narito ka sa oras na ito, at sa ibang oras ay tatawagin ka sa California. Kita n'yo, hindi mo alam kung saan magsusugo ang Panginoon. Iyan din ang dahilan kung bakit mahirap para sa akin ang bumuo ng itineraryo at sasabihing ganito—ganito ang gagawin natin *dito-at-doon*. Maaaring may simulan ako ritong isang gawain, pero isusugo naman ako ng Panginoon sa ibang lugar. Kita n'yo? Kaya hindi natin alam kung ano ba talagang gagawin Niya. Subalit, "Kung loloobin ng Panginoon," ganyan nga ang sinasabi natin. Hayan nga't naatasan tayo, o nautusan, sa Biblia, "Kung loloobin ng Panginoon, gagawin natin ang *ganito-at-ganoong* mga bagay." Kaya kung hindi tayo makaabot sa mga usapan na ating. . .o makatupad sa mga pinag-usapang gagawin natin, may palagay tayong marahil ay hindi 'yun niloob ng Panginoon na mangyari.

8 Noong isa nga pong araw, naantala kami, nina Kapatid na Roberson at Kapatid na Woods at ako. At nagtataka kami, "Bakit kaya?" Nakaupo kami dun, tinitingnan ang isang mapa, binabagtas ang daan, at limampung milya pabalik sa norte ang natatakbo na namin noon. At matagal ko nang binabagtas ang daang-bayang 'yan mula pa noong katorse anyos pa lang ako. Kaya di ko lubos maisip kung bakit nagkaganoon. Nakahinto

kami roon, kaming tatlo. Lagi naman naming binabagtas nang magkakasama ang daang 'yun. Tinititigan naming maigi 'yung mapa, habang alalay kami sa 130, tumagos kami ng Illinois, at napaliko nang kaunti, hindi namin napansin na 'yung araw ay nasa likuran na namin sa halip na dapat nasa harapan namin. Papunta na pala kami sa norte sa halip na sa timog. At bigla na lang naming napansin, habang binabagtas namin 'yung daan, sabi ko, "Hindi na ito 'yung tamang daan." Tumingin sa labas, at nalaman na lang namin, nalihis na pala kami ng daan nang limampung milya. Bumabalik lang pala kami . . .?. . .

9 Pagkatapos noong nasa daan na kami uli, kami'y—kami'y nagusap-usap. Sabi ko, "Alam n'yo kung bakit? Kasi . . . Inilihis tayo marahil ng Panginoon sa gawing 'yun, upang makaiwas tayo sa isang kalagim-lagim na aksidente sa gawing 'yun, na maaaring ikinapahamak sana natin. Alam nating ang lahat ng mga bagay ay nagkakalakip na gumagawa sa ikabubuti ng mga nagsisiibig sa Panginoon. Lagi natin 'yung panatilihin sa isip."

10 Ngayon, sa gabing ito, sisimulan na natin ngayon ang isang munting pagtuturong aralin. At kung . . . Hindi ko alam kung makakaabot tayo, siguro nama'y magagawa natin ngayong gabi, sa . . . Sa dakilang kabanata ng turo tungkol sa mga ikapu, sa iglesya. At isa itong napakainam na paksa, na maaari tayong makapanatili ng maraming linggo, sa isang paksa na 'yan, kung paano nagbigay ng ikapu si Abraham kay Melquisedec, at kung ito ba'y kinakailangan.

11 Mayroon po ba riyang tinatamaan nang husto nitong bentilador dito? Mas gusto n'yo bang patayin na lang ito? Kung tinatamaan kayo nang husto, tinatamaan kayo sa mukha, ng alinman sa mga bentilador. Sige po, itaas lang n'yo ang inyong kamay. At, siguro'y papupuntahin natin ang isa sa mga usher, papupuntahin natin ang isang kapatid na lalaki, para patayin niya ito para sa inyo. At medyo inilalayo ko rin ito sa sarili ko; mainitan man ako'y pagpapawisan naman ako, kasi, mahirap na, baka—baka mamaos pa ako. Kaya, nakatutok ito sa inyo, ako nama'y ayos lang dito. Gusto naming maging maginhawa kayo.

Sisikapin nating hindi gumugol ng maraming oras ngayon, at tayo'y didire-diretso na sa Salita. At bago natin gawin ito, tayo'y makipag-usap muna pansumandali sa May Akda.

12 Ngayon, Makalangit na Ama, hindi po namin nalalaman kung anu-ano ang nakatakdang maganap. Ngunit ang tanging bagay na nalalaman po namin, at lubos na pinaniniwalaan, ay ang mabubuting bagay ay nakalatag na sa harap namin. Sapagkat nasusulat, "Hindi nakita ng mata, ni narinig ng tainga, ni hindi pumasok sa puso ng mga tao, kung ano ang inihanda ng Diyos para sa kanila, na nagsisiibig sa Kanya."

13 At dumadalangin po kaming Iyo pong bubuksan ang mga durungawan ng Langit ngayong gabi, sa Iyo pong kamalig,

at ipagkakaloob sa amin ang Iyong Salita, na magiging isang bagay na magpaparapat, isang bagay na magdaragdag sa aming pananampalataya bilang mga Cristiano, at nawa kami'y lalo—lalo pa n'yang maging mas matatag sa Ebanghelyo, kaysa noong kami'y pumasok dito kanina. Ipagkaloob Mo po ito, Ama. Kunin nawa ng Espiritu Santo ang Salita ng Diyos at dalhin Ito sa bawat puso ayon sa aming pangangailangan. Sa Pangalan ni Jesus, dumadalangin kami, ang Iyong minamahal na Anak. Amen.

14 Ngayon, kaninang umaga, huminto tayo sa pinakahuling talata ng ika-6 na kabanata, basahin natin ito para makatungo na tayo sa ika-7.

> *Na doo'y pumasok ang pangunahin* dahil sa atin, *si Jesus, na naging dakilang saserdote magpakailan man, ayon sa pagkasaserdote ni Melquisedec.*

15 Ngayon basahin naman natin ang unang tatlong talata, o unang dalawang talata, o unang tatlong talata, po pala, ng ika-7 kabanata, upang makapagsimula na tayo.

> *Sapagka't itong si Melquisedec, hari sa Salem, saserdote ng Kataastaasang Dios, na siyang sumalubong kay Abraham sa pagbabalik na galing sa paglipol sa mga hari, at siya'y pinagpala niya;*
>
> *Na siya namang binahagihan ni Abraham ng ikasangpung bahagi ng lahat,* (hayan nga't nabanggit ang ikapu); *na kung sasaysayin una-una siya'y Hari ng katuwiran,. . .saka Hari naman sa Salem, na sa makatuwid, ay Hari ng kapayapaan;*
>
> *Na walang ama, walang ina, walang tandaan ng lahi,. . .walang pasimula. . .walang pasimula ng mga araw, ni katapusan ng buhay man; datapuwa't naging katulad ng Anak ng Dios; ay nanatiling saserdote magpakailan man.*

16 Kay inam na pahayag talaga! Ngayon kakailanganin nating bumalik sa Lumang Tipan, upang hukayin ang mga dakilang butil na ito. At, oh, gustong-gusto ko talaga ang mga ito!

17 Alam n'yo, sa Arizona, madalas kami noong maghanap-hanap doon ng deposito ng ginto. At dumadayo nga kami sa isang bahagi ng lupa na sa tingin namin ay makahahanap kami ng butil ng ginto roon, kami ni G. Mc Anally. At 'yung lupa na kadalasang pinipili namin, may maninipis na pahabang bitak 'yun, kung saan 'yung dulo nun saluhan ng tubig, ang tawag nga ng mga tao roon "paanuran." At hayan. . .Dadapa kaming dalawa roon at kukuskusin namin 'yung buhangin at "whew," hihipan 'yun. Tapos kukuskusin uli at "whew," hihipan uli. At iniisip-isip ko kung bakit ganoon ang ginagawa niya. Nalaman ko, kita n'yo, kapag hihipan n'yo kasi 'yung buhangin, liliparin 'yun. At 'yung lahat ng 'yun, kahit pa nga tingga, ay di hamak

na mas magaan kaysa sa ginto. Mas mabigat ang ginto kaysa sa tingga. Kaya kapag umihip ka, lahat ng iba pang mga metal at buhangin at dumi ay liliparin palayo, pero matitira 'yung ginto sa lupa. Kaya, kapag may nakita kang mga maliliit na butil na inanod *dito* sa banda mo, ibig sabihin may deposito ka ng ginto sa dako *roon* na pinanggalingan nun sa itaas. Kadalasan kasing inaanod ng ulan 'yung maliliit na piraso pababa. Sa puntong 'yan ilalabas na namin 'yung mga piko at iba pang kagamitan, at huhukayin namin 'yung bahaging 'yun ng lupa, hanggang halos matanggal lahat ng lupa roon, nagbabaka-sakaling doon namin makikita 'yung ginto. Bubutasan namin 'yun, huhukayin 'yung bahaging 'yun ng lupa. Maglalagay kami roon ng mga dinamita, pasasabugin 'yun. Patuloy naming pasasabugin 'yung hukay, palalim nang palalim hanggang sa matunton namin, 'yung pinaka pinaglalagakan nung deposito. Ngayon, 'yun nga 'yung tinatawag naming "paghahanap ng deposito."

18 At ngayong gabi ay sisikapin nating kunin ang Salita ng Diyos, at gamitin Ito sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, upang hipan na ang lahat ng pagsasawalang bahala at pag-aalinlangan palayo sa atin, lahat ng maliliit at madaling tangayin na mga bagay na sadyang di makatatayo, di mahalaga sa ating buhay, nais nga nating mahipan itong lahat upang matunton na natin ang maluwalhating Pinaglalagakan. Ang Pinaglalagakan na si Cristo.

19 At ngayon tulungan nawa tayo ng Diyos habang binabasa natin at pinag-aaralan ang Kanyang Salita. Sa huling, tatlong kabanata, halos, natatalakay na natin at naririnig, madalas, ang tungkol kay Melquisedec.

20 Ngayon, sa palagay ko'y tama ang pagsasalarawan dito ni Pablo.

> *Sapagka't itong si Melquisedec, hari sa Salem,...*

"Hari sa Salem." At alam na alam ng kahit sinong mag-aaral ng Biblia na ang Salem ay dating...ang tawag dati sa Jerusalem ay "Salem." At Siya ang Hari ng Jerusalem. Masdan n'yo Siya rito.

> *...saserdote ng Kataastaasang Dios,* (isa ngang tagapamagitan), *na siyang sumalubong kay Abraham...*

Nais kong pagtuunan dito ang Kanyang talaan ng lahi, ng dakilang Tao na ito, para malaman n'yo kung Sino Siya, muna, at saka kayo...saka tayo magpapatuloy sa kuwento.

> *...sa pagbabalik na galing sa paglipol sa mga hari, at siya'y pinagpala niya;*
>
> *Na siya namang...binahagihan ni Abraham ng ikasangpung bahagi...kung sasaysayin...una-una siya'y Hari ng katuwiran...*

Ngayon masdan n'yo, "Katuwiran." Ngayon, mayroon nga riyang sariling katuwiran, mayroong kunwa-kunwariang katuwiran, mayroong binaluktot na katuwiran, lahat na ng iba't ibang uri. Subalit may isa lamang tunay na katuwiran, at nagmumula ang katuwirang iyon sa Diyos. Hayan nga't ang Tao na ito ay ang Hari ng katuwiran. Sino kaya Siya?

21 Ngayon, Siya ang Hari ng katuwiran, ang Hari ng Jerusalem, ang Hari ng katuwiran, ang Hari ng kapayapaan. Ang tawag nga kay Jesus ay, "Ang Prinsipe ng kapayapaan." At ang prinsipe ay anak ng isang hari. Kaya, kung ang Tao na ito ay yaong Hari ng kapayapaan, kung ganoon aba'y Siya dapat ang Ama ng Prinsipe ng kapayapaan. Nakukuha n'yo? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

22 Ngayon tingnan natin, tugaygayin pa natin nang kaunti ang Kanyang talaan ng lahi, upang makita natin kung saan tayo hahantong dito.

*Na walang ama, . . .*

Ngayon, si Jesus ay may Ama. Naniniwala ba kayo roon? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Siyanga.

*. . . walang ina, . . .*

Si Jesus ay may ina. Subalit ang Lalaking ito ay walang ama ni ina man.

*. . . walang tandaan ng lahi, . . .*

Wala Siyang ninuno na maaari Niyang pagmulan, walang kahit anumang tandaan ng lahi. Hayan nga Siya noon pa man. "Walang tandaan ng lahi."

*. . . walang pasimula ng mga araw, . . .*

Wala Siyang panahon kung kailan Siya nagpasimula.

*. . . ni katapusan ng buhay man; . . .*

Wala na ngang iba pa Ito kundi ang Diyos. Iyon na talaga.

23 Ngayon, kung mapapansin n'yo habang binabasa natin ang kasunod na talata. Kita n'yo? "Na, kung sasaysayin una-una, ay Hari ng katuwiran." Hindi po pala riyan. Sa—sa ika-3 talata po:

*. . . ni katapusan ng buhay man; datapuwa't naging katulad ng Anak ng Dios; . . .*

Ngayon, hindi Siya ang Anak ng Diyos, dahil, kung Siya ay Anak, mayroon Siyang pasimula. At ang Tao ngang ito ay walang pasimula. Kung Siya ay Anak, dapat lang na mayroon Siyang ama't ina. "Subalit ang Tao na ito ay walang ama ni ina. Datapuwat *naging katulad* Siya ng Anak ng Diyos."

*. . . nanatiling saserdote magpakailan man.*

24 Ngayon, sinasabi nga rito ni Dr. Scofield, na, "Isa itong pagkasaserdote, na ang tawag, ay 'Ang pagkasaserdote ni Melquisedec.'"

Subalit gusto ko kayong dalhin diyan nang ilang minuto. Kung isa ’yung pagkasaserdote, ibig sabihin kinakailangang may pasimula ’yun, at kinakailangang may katapusan ’yun. Ngunit, “Wala itong pasimula ni katapusan man.” At hindi niya sinabing ang nakasalubong niya’y isang pagkasaserdote. Tao ang nakasalubong Niya, at tinawag ang Pangalan Niyang “Melquisedec.” Isa Siyang Tao, hindi denominasyon, hindi isang—isang—isang pagkasaserdote o isang pagkapari. Isa nga Siyang ganap na Tao na Nagngangalang Melquisedec, na Hari ng Jerusalem. Hindi isang pagkasaserdote, kundi isang Hari na walang ama. Walang ama ang pagkasaserdote. “At walang ama ang Lalaking ito, walang ina, walang pasimula ng mga araw o katapusan man ng buhay.” Ngayon, ang Anak ng Diyos . . .

25 Kung sino ito, ito si Jehovah. Ito ang Makapangyarihang Diyos Mismo. Wala na ngang maaaring maging iba pa.

26 Ngayon pansinin po, “Siya’y nananatili magpakailanman.” May patotoo nga siya rito, ang sabi, “Siya’y laging nabubuhay. Siya’y hindi mamamatay magpakailanman.” Siya’y hindi nga mamamatay . . . Siya’y wala nang iba pa kundi laging nabubuhay. “Siya’y nananatili magpakailanman.”

27 Ngayon, si Jesus ay naging, katulad Niya. Ngayon, ang dahilan kung bakit may pagkakaiba sa pagitan ng Diyos at ni Jesus: may pasimula si Jesus; walang pasimula ang Diyos. Walang pasimula si Melquisedec, at may pasimula naman si Jesus. Datapuwat si Jesus ay naging, katulad Niya. “Isang saserdote, nananatili magpakailanman.”

28 Ngayon, nung narito noon sa lupa si Melquisedec, Siya’y wala nang iba pa kundi ang—ang Diyos na Jehovah na nahayag sa pamamagitan ng paglikha, naparito Siyang gaya ng isang theophany. Nakatagpo Siya minsan ni Abraham, sa kanyang tolda. At gaya ng sinabi natin kaninang umaga, “napagkilala Siya ni Abraham. At Kanyang sinabi kay Abraham kung ano na ang Kanyang nakatakdang gagawin, sapagkat hindi Niya hahayaang ang magmamana ng sanlibutan ay bulag sa mga bagay na Kanyang gagawin.”

29 Hayaan n’yong huminto muna ako rito pansumandali, para sabihin kong, ganoon pa rin ang tingin ng Diyos sa Kanyang Iglesya. Hindi kayo mga anak ng kadiliman. Mga anak kayo ng Liwanag. At hayan . . . tayo itong . . . “Mapapalad ang maaamo, sapagkat mamanahin nila ang lupa.” Kaya kung nagawa ng Diyos, Na kumilos kay—kay Abraham, na siyang magmamana ng lupa . . . Sinabi Niyang, “Hindi ko ililihim ang mga bagay na ito sa taong magmamana ng lupa.” Di hamak namang mas magagawa Niyang ihayag ang Kanyang mga lihim sa Kanyang Iglesya na magmamana ng lupa!

30 Sinabi ni Daniel, “Sa panahon na iyon ay tatakbo sila nang paroo’t parito, ang kaalaman ay lalago.” At sinabi rin niya,

"Makikilala ng mga pantas ang kanilang Diyos, sa panahon na iyon, at gagawa ng mga dakilang kabayanihan sa panahon na iyon. Ngunit hindi makikilala ng mga masasama ang Diyos ng Langit." Kanilang makikilala nga Siya sa isang anyo lang at sa isang seremonya lang, gaya ng nabanggit kanina sa una nating aralin, subalit hindi nila Siya nakikilala sa pamamagitan ng daan ng kasakdalan.

31 At sa pamamagitan lamang ng kasakdalan gumagawa ang Diyos, sapagkat Siya ay Sakdal. Purihin ang Pangalan Niya. Kinakailangan kasing isang sakdal na daluyan ang gagamitin ng Diyos, 'pagkat wala na Siyang iba pang maaaring gamitin kundi ang paggawa lamang sa pamamagitan ng kasakdalan. Hindi Niya maaaring dungisan ang Kanyang Sarili sa anumang paraan. At 'yun ang dahilan kung bakit dumating si Jesus upang alisin ang ating mga pagkakasala, upang maging sakdal tayo, upang makagawa ang Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Iglesya. Sa ganyan nga 'yan nalihim.

Sa ganyan nga nabulag ang sanlibutan. Sa ganyan nga nila malayang nasasabi, na, "Nababaliw ka na." Sa ganyan nga nila malayang nasasabing, "Hindi mo alam ang pinagsasasabi mo."

Dahil, "Ang mga bagay ng Panginoon ay kamangmangan sa karunungan ng mundong ito. Subalit ang mga bagay ng sanlibutan ay karnal sa mananampalataya." Hayan nga't, kayo'y iba nang tao, nabubuhay na kayo sa ibang kalagayan. Hindi na kayo saklaw pa ng sanlibutang ito. Lumipat na kayo mula sa buhay rito papunta sa isang bagong Buhay.

32 Samakatwid, naghahayag ang Diyos, hindi sa sanlibutan, hindi sa sikologo, hindi sa mga edukadong ministro, kundi sa mga may mapagpakumbabang puso. Sa Kanyang bayang may taglay na kaamuan, Kanya ngang ihahayag ang mga lihim ng mga dakilang bagay ng Diyos, sa kanila. Nakikita n'yo na ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

33 Ngayon, ngayon, si Abraham ang magmamana ng sanlibutan. Sa pamamagitan ng . . . Binhi ni Abraham ay pagpapalain ang lahat ng mga bansa. Kaya nanaog ang Diyos at nakipag-usap sa kanya, sa anyo ng isang Tao.

Ngayon, noon pa man ay nasa lupa na sa tuwina ang Diyos. Hindi kailanman nilisan ng Diyos ang lupa. Kung iiwan Niya ang lupa, hindi ko alam kung ano nang mangyayari rito. Hayan nga't ang Diyos ay narito na noon pa man sa iba't ibang anyo. Oh, purihin ang Kanyang Pangalan!

34 Naroon Siya kasama ang mga anak sa ilang, nung lumabas sila ng Egipto, sa anyo ng isang Liwanag. Nakipag-usap Siya kay Abraham sa anyo ng isang Tao. Nakipag-usap Siya kay Moises sa anyo ng isang Tao. Nakipag-usap Siya sa Iglesya sa anyo ng isang Tao, ang Kanyang Anak, na si Cristo Jesus.

At nangungusap Siya sa pamamagitan ng Kanyang Iglesya sa panahon ngayon, sa pamamagitan ng pinahirang Iglesya ng buhay na Diyos, sa pamamagitan ng mga sisidlang-lupa. "Kayo ang mga sanga. Ako ang Puno ng Ubas." Nangungusap mapasa-hanggang ngayon ang Diyos, at nakikita ng sanlibutan si Jesus sa paraan ng pagpapakilala n'yo sa Kanya. Sa ganyan nakikilala ng sanlibutan . . . "Kayo ay mga sulat na nasusulat, nababasa ng lahat ng mga tao." Sinasabi ng buhay mo kung ano ka.

35 Ngayon, itong si Abraham sa kanyang daan, ating balikan siya rito. Balikan po natin ito at magbasa tayo ng tungkol sa kanya, pansumandali, dito sa Aklat ng Genesis. Sa ika-14 na kabanata ng Genesis, doon nga po. Oh, napakaganda talaga ng kuwento nito! Ngayon, alam nating lahat itong tungkol kay Abraham, kung papaanong tinawag siya ng Diyos mula sa lupain ng Caldea at sa bayan ng Ur, at sinabi sa kanyang ihiwalay niya ang sarili sa kanyang mga kasamahan.

Tumatawag ang Diyos ng mga kalalakihan at kababaihan, tumatawag Siya na sila'y humiwalay.

36 Ngayon, 'yan ang problema sa mga iglesya ngayon, ayaw nilang ihiwalay ang mga sarili mula sa mga bukbuking karnal na mananam- . . . di-mananampalataya. Kaya tuloy hindi tayo makausad-usad. Natatangay tayo ng karnal na daloy na 'yan, na nasasabi natin—natin tuloy, "Oh, mabuting tao naman 'yang si Jim, gayong umiinom siya ng alak. Kahit ganyan siya . . . At siguro'y nakakasa-kasama niya ako sa bilyaran, pero di naman ako naglalaro ng bilyar. Nakakasa-kasama niya ako—ako—ako sa mga kasiyahan. Nakakapagbitiw nga sila ng mga mahahalay na biro, at kung anu-anong nasasabi nila, pero hindi naman ako nakikipagbiruan na gaya nun."

37 "Magsialis kayo sa kanila." Ganoon dapat. "Magsihiwalay kayo. Huwag kayong magsihipo ng mga bagay nilang marumi, at kayo'y Aking tatanggapin," sabi ng Panginoon. "Huwag kayong makipamatok kasama ng mga di nagsisisampalataya, ang makipamatok nang kabilan." Huwag n'yong gagawin 'yun. Magsihiwalay kayo.

38 Hayan nga't tinawag ng Diyos si Abraham na ihiwalay niya ang sarili sa lahat ng kanyang mga kamag-anak, at lumakad na kasama Siya. Kapatid, kung minsan kinakailangan mong iwan ang isang iglesya. Ganun ang nangyari kay Pablo. Kinailangan niyang iwan ang kanyang iglesya. Ganun din ang nangyari sa marami. Kung minsan kinakailangan mong iwan ang tahanan mo. Kung minsan kinakailangan mong iwan ang tatay at nanay mo, at talikdan ang lahat-lahat. Hindi ko sinasabing ganyan sa tuwina ang nangyayari, ngunit kung minsan ay ganoon talaga. Kinakailangan mong alisin ang lahat ng sagabal sa pagitan mo at ng Diyos, at lumakad na kasama Niyang mag-isa. Oh, pinagpala ngang talaga, ang magiliw na pakikipag-isang 'yan,

ang pakikisamang 'yan na taglay-taglay mo kapag inihiwalay mo ang iyong, sarili palayo sa mga bagay-bagay ng sanlibutan at sa mga karnal na mananampalatayang nagtatawa sa iyo, at mag-isang lumakad kasama si Cristo!

39 Napakaraming beses ko nang napasasalamatan ang Diyos! Sinabi Niya, "Bibigyan kita ng mga ama at mga ina sa kasalukuyang sanlibutang ito. Bibigyan kita ng mga kaibigan at mga kasamahan. At hindi kita iiwan, ni pababayaan man. Bagama't talikuran ka man ng buong sanlibutan, sasaiyo Ako, hanggang sa dulo ng landas."

40 Isa ngang napakadakilang pribilehiyo, na ang isang tao'y may ganoong klaseng hamon na sumunod sa Panginoong Jesus, na humiwalay mula sa lahat ng karnal niyang mga kasamahan, upang sumunod sa Panginoon. At kung ang sinuman ay tila ba mali ang ikinikilos, na dapat sana'y ipinakikilala ang kanilang sarili bilang mga Cristiano, pero iniibig nila ang mga bagay na karnal, mas maganda na sigurong humanap ka na ng ibang makakasama sa landas agad-agad. Ganoon nga. At kung sakali mang walang may gustong sumama sa iyo sa paglakad, may Isa riyang nangakong sasamahan ka sa paglakad. Iyon ay, ang banal na Panginoong Jesus, sasamahan ka Niya sa paglakad.

41 Sinabihan nga ng Diyos si Abraham na, "Humiwalay ka." At dahil tao lang si Abraham, isinama niya ang kanyang ama, isinama niya ang anak ng kapatid niya, ang pamangkin niya; bitbit-bitbit niya silang lahat. At hindi siya pinagpala ng Diyos hanggang sa gawin niya ang sinabing 'yun ng Diyos sa kanyang gawin.

42 Hindi ko sinasabing hindi na kayo n'yan Cristiano. Hayan nga't, hindi ko sinasabing hindi na kayo Cristiano nang lagay na 'yan. Pero ito po ang sinasabi ko, na kapag sinabihan kayo ng Diyos na gawin ang isang bagay, di Niya kayo pagpapalain hanggang sa gawin n'yo ang bagay na 'yan. Narito nga ako sa pulpito ngayong gabi dala-dala sa loob ko ang isang bagay na di maalis-alis sa loob ko. Ang mga pagtitipon ko'y hindi naging marapat gaya ng inaasahan, sa loob ng nakaraang dalawang taon. Ito'y dahil nabigo ko ang Panginoon. Sinabi Niya sa akin na, "Pumaroon sa Aprika, at pagkatapos sa India." Heto nga, nakasulat mismo rito, sa likod ng Aklat na ito, hayan mismo.

43 Tinawagan ako nung nangangasiwa ng mga gawain, sabi, "Hayaan mo na ang Aprika. Nakahanda na ang India."

44 Kinatagpo ako ng Espiritu Santo, sabi, "Paroroon ka sa Aprika gaya ng sinabi kong gawin mo."

45 Tapos lumipas ang panibagong taon. At ang sabi nung mga nangangasiwa ng mga gawain . . . hayan nga't nakalimutan ko na noon ang tungkol Dito. Sabi niya, "Pupunta tayo sa India. Narito na ang mga tiket."

46 Lumarga na ako, nakalimutan ko na ’yung tungkol Dito hanggang sa makarating ako sa Lisbon. Nung gabing, ’yun, akala ko mamamatay na talaga ako. Kinaumagahan, naghanda na ako, nagpunta na ng banyo, para maligo. Oh, ang sama-sama talaga ng pakiramdam ko noon, halos hindi na talaga ako makatayo. Nang mga sandaling ’yun, ang Liwanag na ’yun na nakalutang sa loob ng banyo, sabi, “Ang alam Ko’y ang sinabi Ko sa iyo, ‘Pumunta ka ng Aprika, muna.’”

47 Ang mga pagtitipon ko’y unti-unti ngang nawawalan ng pananagumpay mula noon. Bagama’t pumunta ako sa India, na may halos kalahating milyong dumalo na nakatayo roon, pero hindi talaga ’yun ang sinabi ng Diyos na dapat kong gawin. Ramdam na ramdam kong hindi magiging matagumpay ang mga pagtitipon ko hanggang sa bumalik ako at itama ang bagay na ’yun. Kahit ano pang gawin ko, ang Aprika talaga, muna, ’pagkat kailangan nga itong gawin. Doon nakalagak ang Walang Hanggang Salita ng Diyos, nakalagak nga roon. Alam ko na ngang dapat na ’yun talaga ang ginawa ko. Hayan nga’t kailangan kong bumalik. At nadarama kong itong darating na taon ang panahon na makaaahon ako mula sa kinasadlakan kong ito, sa tulong ng Panginoon.

48 Hayan nga’t ang maluwalhating, matandang Ebanghelyong ito na napakabilis lumago, gaya ng isang puno ng encina, hayan nga’t naniniwala akong handang-handa na talaga siya sa pag-unat ng kanyang mga sanga. Sinasampalatayanan ko ito, ang dakilang Mensaheng ito at dakilang bagay, naniniwala akong pahihintulutan tayo ng Panginoon na yaniging muli ang mundo para sa kaluwalhatian ng Diyos.

49 Kinakailangan n’yo ngang gawin kung ano ang sinabi ng Diyos sa inyo na gawin. Hayan nga’t humayo noon si Abraham, isinama niya ang mga kamag-anak niya. Mahal niya kasi sila. Bahagi ’yan ng pagiging tao. Subalit paglipas ng panahon, paglipas ng mga araw, namatay ang kanyang ama at inilibing niya. Hayan din at kasama niya ang pamangkin niyang lalaki, na kalaunan ay nagkaroon ng mga alitan at mga pagtatalu-talo. At, sa wakas, nagpasya si Lot at pumaroon sa Sodoma. At napansin n’yo ba si Abraham, hindi siya nakipagtalo pa kay Lot. Sabi niya, “Magkapatid tayo. Huwag tayong magtalo. Sige itaas mo ang iyong ulo at humayo ka saanmang dako mo nais magtungo. Kung magpapasilangan ka, magpapakanluran ako. Magpapasahilaga ka, magpapasatimog naman ako.” Ganyan nga ang ugaling Cristiano, nakahandang ipaubaya sa ibang tao ang pinakamainam sa isang kasunduan. Lagi n’yo ngang ilatag sa tao ang mainam, hayaan n’yo siyang pumili.

50 Sapagkat bakit? Ano ang dahilan at ganoon ang ginawa ni Abraham? Alam niya kasing pinangakuan siya ng Diyos na mamanahin niya ang lahat ng bagay, ganoon nga. Amen. Kaya, kahit na, tolda lang ’yan o dampa, bakit tayo mababahala? Sa

atin ang lahat ng bagay. “Mapapalad ang maaamo sapagkat mamanahin nila ang lupa.” Sa atin lahat ito. Sinabi nga iyon ng Diyos. Kaya ibigay mo na sa tao ang pinakamainam na mapipili niya, ’yung nais niya. Baka kasi ’yun na ang lahat ng makukuha niya. Subalit kayo pag-aari n’yo itong lahat, kayo na mangagmamana ng kaligtasan sa pamamagitan ng pangako. Sa inyo itong lahat.

51 Kaya, si Sarah, ang pinakamagandang babae sa lupain, nauupo siya roon sa gilid ng bundok kasama ng kanyang asawa gaya ng nararapat niyang gawin. Siya’y simple, hayan nga’t, siguro ’yung bestidang suot-suot niya’y gawa sa mumurahing katsa lang, o kung anuman ang tawag n’yo roon. Samantalang, si Gng. Lot ay bihis na bihis na gaya ng isang milyunaryo. At ang kanyang asawa nga’y alkalde pa ng bayan. Isang hukom na nauupo sa pintuang-bayan. Nasa kanya na ang lahat; naroon nga siya lagi kasama ng iba pang kababaihan na patahi-tahi ng kung anu-ano at naglalaro ng baraha na usung-uso sa Sodoma at Gomorra. Subalit itong si Sarah mas ikinalulugod niyang mamuhay kasama ng kanyang asawa sa dakong mahirap ang buhay, pero nakatitiyak na nasa kalooban siya ng Diyos, kaysa magtamasa ng mga kayamanan ng, o, ng kasarapan ng buhay na hatid ng mga kayamanan na lilipas din matapos ang ilang panahon. Ganoon nga. Sa puntong ’yan ay dumalaw ang Diyos.

52 At darating ang araw, gaya na lang, ng pagpili n’yo roon sa maling landas, babalikan kayo n’yan balang araw. Maaaring isipin n’yong magiging ayos lang ang lahat. Maaaring isipin n’yong mapalalampas n’yo lang ito, subalit hindi. Siguro’y mukhang napagtakpan naman, pero hindi ito mapagtatakpan. Alam ng Diyos ang lahat ng bagay. Alam Niya kung totoong tapat ka sa iyong mga pahayag o hindi. Alam Niya kung tunay bang taos sa puso mo ang pagsampalataya mo sa Kanya at naligtas na, at tinanggap na Siya, at patay ka na sa mga bagay ng sanlibutan, at nabubuhay ka na kay Cristo. Alam nga Niya ’yan.

53 Ngayon, pansinin n’yo rito si Abraham, nais kong pansinin n’yo ang matimyas na espiritu rito. Oh, ang buong pinagpalang bagay na ito’y biyaya. Nais kong samahan n’yo ako sa pagbasa ngayon mula sa ika-14 na kabanata ng Exodo, basahin natin pansumandali.

54 Ngayon, ang unang bagay ngang nangyari pagsapit nila sa dakong ’yun, nalagay sa alanganin si Lot. Bakit? Wala kasi siya sa kalooban ng Diyos. At kung malagay ka man sa alanganin habang naroon ka sa kalooban ng Diyos, tutulungan ka Niyang makaalpas diyan. Subalit kung malagay ka sa alanganin, at nasa labas ka ng kalooban ng Diyos, may isang bagay lang na dapat mong gawin, ang manumbalik sa kalooban ng Diyos.

55 Ngayon, hayan nga’t nagsanib puwersa ang mga hari roon, at nabalitaan nga nilang ang mga kapatagan doon sa ibaba ay

natutubigan nang husto, at napagpasiyahan nilang lumusob at kubkubin ang munting lumang bayan ng Sodoma, Gomorra, sakupin 'yun. At ginawa nga nila. At noong malusob na nila at masakop 'yun, dinala nilang bihag si Lot.

56 Nais kong pansinin n'yo rito ang Espiritu ni Cristo na nakay Abraham. Ngayon pansinin n'yo ang ika-14 na talata.

> *At pagkarinig ni* Abraham *na ang kaniyang kapatid*. . .(Kuha n'yo?). . .*na nabihag ang kaniyang kapatid, ay ipinagsama ang kaniyang mga subok na lalake, na mga ipinanganak sa kaniyang bahay, na tatlong daan at labing walo, at kanilang hinabol sila hanggang sa Dan*.

57 Oh, isa nga itong napakadakilang kabatiran ng biyaya! Si Abraham, noong ang kapatid niya, bagama't nahulog ito mula sa biyaya, bagama't nasasadlak sa kalagayan ng pagtalikod sa pananampalataya; noong kanya ngang marinig na tinangay ito ng sanlibutan, at dinala at binihag, upang patayin, kumilos si Abraham sa Espiritu ni Cristo. Dumating siya at pinagsama-sama ang mga subok niyang lalake na ipinanganak sa kanyang bahay, at tinugis ang mga hari at hinabol sila hanggang doon sa Dan. At ang Dan ang kadulu-duluhang bahagi ng Palestina, "Dan hanggang Beer-seba," dulo sa dulo. At tipo ito ni Cristo, nang makita Niyang ang mga dinalang bihag ng sanlibutan. . . ay mahulog, hinabol Niya ang kaaway hanggang sa kadulu-duluhan, upang tanggaping muli ang nahulog na lahi ni Adan.

58 Nais kong pansinin n'yo ang sumunod na talata, kay ganda nga noong mangusap ang Espiritu sa pamamagitan niya. Sige, sa ika-15 talata na ngayon.

> *At iniuwi niya ang lahat* (lahat) *ng pag-aari; at iniuwi rin niya si Lot na kaniyang kapatid, at ang kaniyang mga pagaari, at gayon din ang mga babae, at ang bayan*.

59 Noon ngang tinugis ni Abraham ang kaaway na bumihag sa kanyang kapatid, kanyang hinabol sila hanggang sa makaabot sa kadulu-duluhan ng bansa, sa Dan, at iniuwi ang lahat ng nawaglit nito sa pagkahulog.

60 Napakagandang larawan nga ito ni Cristo, Na pagkarinig sa Langit na nangapapahamak tayo ay dumating at hinabol ang kaaway, hanggang makaabot sa impiyerno, at binawi ang mga kaluluwang nawaglit at ibinalik tayo at ipinanauli sa atin ang lahat ng tinataglay natin bago ang pagkahulog! Tayong, mga nagsitalikod sa pananampalataya, tayong mga naipanganak upang maging mga anak ng Diyos, pero nabaluktot upang maging mga anak ng diyablo, at nalihis. . . na magsisunod sa mga bagay ng sanlibutan, at nagsigawa ng mali, at nagsitakbo nang buong kasakiman gaya ng ginawa ni Lot, nagawang ipagbili ang ating pagkapanganay at nagsipagsunod sa mga bagay ng sanlibutan. Nanaog si Cristo. Bagama't nasa pagkahulog tayo;

alam na ng Diyos, noong pasimula pa kung sino ang maliligtas at ang hindi, kaya naman nanaog at hinabol ang kaaway hanggang makaabot sa buhay, sa kamatayan, sa paraiso, sa impiyerno. At umabot nga mula sa Kaluwalhatian hanggang sa impiyerno, at sinamsam ang—ang mga kapangyarihan ng impiyerno, at ang mga susi mula sa diyablo, at bumangong mag-uli, at ipinanauli ang sangkatauhan, nang sa gayon ang tao'y muling maging mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos.

61 Nakikita n'yo ba ang Espiritu na nakay Abraham doon, ang Espiritu ni Cristo na litaw na litaw sa kanya?

62 Ngayon nais kong pansinin n'yo pa ito nang maigi, habang nagbabasa tayo.

> *At nilabas na sinalubong siya ng hari sa Sodoma pagkatapos na* siya'y magbalik *na mula sa pagpatay* sa haring ito na si *Chedorlaomer, at*...*sa mga haring*... *kasama niya,* sa *libis ng Shave, na siyang libis ng hari.*

63 Nagsilabas sila. Naipanumbalik na ang Hari ng Sodoma. Naipanumbalik na ang kanyang kapatid. Naipanumbalik na ang mga anak. Hayan nga't nagsilabas ang mga hari para salubungin siya. At, sa ganyan din, nais kong tumbukin na rito, ang mensahe ngayon. Masdan n'yo rito.

> *At—at si Melquisedec, na hari sa Salem* (Hari ng Jerusalem, Hari ng kapayapaan) *ay naglabas ng tinapay at alak; at siya'y saserdote ng Kataastaasang Dios.*
>
> *At binasbasan niya siya na sinabi, Pagpalain si* Abraham *ng Kataastaasang Dios, na may-ari ng* kalangitan *at ng lupa:*

64 Si Melquisedec, ang Hari ng Salem, mangyaring inilantad ang Kanyang Sarili sa gitna ng iba pang mga hari. At pansinin n'yo, tapos na noon ang pakikipagbaka, ang Espiritu ng Diyos kay Abraham, ni Cristo, na nagpanumbalik sa kanyang kapatid na nahulog, ipinanauli siyang pabalik sa karapat-dapat niyang kalagayan, sa lahat nga ng mga bagay na kanyang nawaglit. Ipinanumbalik niya 'yun. At nung maipanumbalik na nga niya, naglabas Siya ng tinapay at alak, ang komunyon. Hindi pa ba n'yo natatalos kung Sino ang Melquisedec na ito? Ito ang Diyos. Inilabas ang komunyon, pagkatapos ng pakikipagbaka.

65 Ngayon bumuklat muli tayo, sa Mateo 26:26, nang madali, at tingnan ang sinabi rito ni Jesus patungkol diyan. Sa Aklat po ng Mateo, sa ika-26 na kabanata at gayundin sa ika-26 na talata, babasa nga tayo nang kaunti rito. Heto po, Mateo 26:26.

> *Nang magkagayo'y dumating si Jesus na kasama sila sa isang dako na tinatawag na* Golgota, Golgota, o, *Getsemani,* po pala, *at* sinabi *sa* kaniyang *mga alagad, Magsiupo kayo rito, samantalang ako'y pumaparoon* doon upang manalangin.

66 Sa palagay ko'y nagkamali ako ng nabuklat na Kasulatan. Mateo, sa ikadalampu't-. . .ika-26 na talata ng ika-26 na kabanata. Kung may nakakita na nito, basahin n'yo lang po para sa akin, kung inyo—kung inyo nang nahanap ito. Sandali lamang po. Isa nga itong napakagandang tipo. Ayaw kong mapalampas n'yo ito. Heto na. Hayan na nga 'yun, kapatid na babae.

> *At samantalang sila'y nagsisikain, ay dumampot si Jesus ng tinapay, at pinagpala,. . .*

Ano ito? Tapos na ang pakikipagbaka.

> *. . .pinagputolputol, at ibinigay sa* kanyang *mga alagad, at sinabi, Kunin ninyo,* at *kanin ninyo; ito ang aking katawan.*

67 Nakikita n'yo ba riyan si Melquisedec? Daan-daang taon ang nakalipas, noong Kanyang salubungin si Abraham, noong matapos na noon ang pakikipagbaka, nagbigay Siya ng tinapay at alak. At dito'y binigyan ni Jesus ang mga alagad, pagkatapos ng matindi Niyang pakikipagbaka, Kanyang ibinigay sa kanila ang tinapay at alak. Masdan. Masdan n'yo rito ang hinaharap na Pagparito.

> *At dumampot siya ng isang saro, at—at nagpasalamat, at ibinigay sa kanila, na nagsasabi, Magsiinom kayong lahat diyan;*

> *Sapagka't ito ang aking dugo ng tipan, na nabubuhos dahil sa. . .*mga kasalanan at *sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan.*

> *Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, na buhat ngayon ay hindi na ako iinom* nitong *bunga ng ubas, hanggang sa araw na yaon na inumin kong* panibago *na mga kasalo ko kayo sa kaharian ng aking Ama.*

68 Nasa pakikipagbaka tayo ngayon. Humahabol tayo para sa ating kapatid na nahulog, na ang Diyos, bago pa man naitatag ang sanlibutan, ay nakita na ang kapatid na ito at naitalaga na sa Buhay na Walang Hanggan. At ang kapatid nga nating ito'y natatangay sa ligalig ng mga bagay sa sanlibutan. Naroon nga siya sa mga pasosyalan at pataasan ng estado sa lipunan, siya kasama ang asawa niya, naglalakad nang paroo't parito sa mga lansangan, naninigarilyo at umiinom at nagpapakalango sa alak, sinusubukang makasumpong dun ng kapayapaan. At ang Espiritu ni Cristo ay nasa atin, na gaya noong nakay Abraham, humahabol tayo para sa naturang kapatid. Habang taglay-taglay natin ang buong baluti ng Diyos, at ang mga Anghel ng Diyos ay nakapalibot, humahabol tayo upang maipanumbalik natin ang kapatid na nahulog.

69 At kung matapos na rin ang pakikipagbaka, makakatagpo na rin natin si Melquisedec minsan pa, purihin ang Diyos, Na nagpala kay Abraham noon, at nagbigay sa kanya ng

pagpapala, at nagbigay sa kanya ng tinapay at alak, ang komunyon. At kapag natapos na ang pakikipagbaka, atin nga Siyang makakatagpo. Tayong mga tagapagmana ng pangako ni Abraham, kasamang tagapagmana ni Cristo sa Kaharian, atin Siyang makakatagpo sa dulo ng daan, at kakain ng tinapay at alak, nang panibago, kapag natapos na ang pakikipagbaka.

70 Sino itong si Melquisedec? "Ito ngang walang ama, walang ina, walang pasimula ng mga araw o katapusan man ng buhay." Siya'y Naroon upang magbigay ng komunyon muli. Nakukuha n'yo? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

71 Kapag nagkakatipun-tipon tayo, sa ilang mga gabi, kapag nagkakasama-sama tayo at nakikibahagi tayo sa komunyon na ginaganap ng mga ministro, ipinapakilala nating naniniwala tayo sa kamatayan, paglilibing, at pagkabuhay na mag-uli ng Panginoong Jesus, na sa tabing na iyon, sa Kanyang katawan na iyon na ipinantabing sa Kanya, na Diyos, ay tinatanggap natin ito, bilang isang pagpapakilalang, "Tayo ay mga patay na sa mga bagay ng sanlibutan, at naisilang nang muli ng Espiritu." At tayo'y magsisilakad bilang kabahagi ng Katawan ni Cristo, lahat tayong mga mananampalataya na magkakasama.

72 Kapag natapos na ang dakilang pakikipagbaka, at minsan pa tayong lalantad kasama ni Cristo, makikibahagi tayo dun sa komunyon kasama Niya sa Kaharian ng Diyos, nang panibago; at kakain ng laman, at iinom ng dugo ng ubas minsan pa, sa Kaharian ng Diyos. Oh! Hayan nga si Melquisedec. Iyan Na nga Siya.

73 Ngayon bumasa tayo ng kaunti pang karagdagan tungkol sa Kanya rito, dito sa ika-18 talata.

> *At si Melquisedec na hari sa Salem ay naglabas ng tinapay at alak:*. . .(Nakukuha n'yo?). . .*at siya'y saserdote ng Kataastaasang Dios.*
>
> *At binasbasan niya siya, na sinabi, Pagpalain si* Abraham *ng Kataastaasang Dios, na may-ari ng* kalangitan *at ng lupa:*
>
> *At binasbasan niya siya,*. . .*At binasbasan niya*. . .
>
> *At purihin ang Kataastaasang Dios,* na *nagbigay ng iyong mga kaaway sa iyong kamay. At binigyan siya ni Abram ng* ikasangpung bahagi *ng buong samsam.*

Nagbigay siya ng ikapu kay Melquisedec. Nagbigay si Abraham sa Kanya ng ikasampung bahagi ng buong samsam.

74 Ngayon nais kong pansinin n'yo ito bago natin balikan si Pablo, tunghayan muna natin ang pambungad na tagpong ito bilang preparasyon sa nakatakda nating aralin ngayon.

> *At sinabi ng hari sa Sodoma kay* Abraham, *Ibigay mo sa akin ang mga tao, at kunin* mo *sa ganang iyo ang mga pag-aari.*

Ngayon, para bang sinasabi rito ng hari ng Sodoma, "Sige ganito, ibalik mo sa akin ang mga tao ko, at kunin mo na't sa iyo na ang mga pag-aari."

> *At sinabi ni* Abraham *sa hari sa Sodoma,* Itinaas *ko ang* aking *kamay sa* PANGINOON, *Dios na Kataastaasan,* . . .

*El Elyon,* "ang may-ari ng kalangitan at lupa," nga.

> . . .*Kataastaasang Dios, na may ari ng* kalangitan *at ng lupa,*
>
> *Isinumpa kong hindi ako kukuha maging isang sinulid o maging isang* panali ng pangyapak, . . .

Hindi siya nagdaos ng malakihang gawain para lumikom ng salapi. Ang nais niya lamang ay mabawi ang kapatid niyang nahulog.

> . . .*o ng anomang nauukol* sa *iyo, baka iyong sabihin, Pinayaman ko si* Abraham*:*
>
> *Liban na lamang ang kinain ng mga binata, at ang bahagi ng mga lalaking kinasama ko,* . . .

75 Ngayon, nais kong pansinin n'yo, sinabi ni Abraham, "Hindi ako kukuha maging isang sinulid o maging isang panali ng panyapak." Hindi siya nakipaglaban sa digmaan, para magkamal ng salapi. Hayan nga't ang mga totoong tunay na pakikipagbaka ay hindi ginagawa para sa pansarili lamang na mga kadahilanan. Hindi ipinakikipaglaban ang mga digmaan para sa salapi. Ipinakikipaglaban ang mga digmaan na—na may kadahilanan, na may prinsipyo. Ipinaglalaban ng mga tao sa digmaan ang kanilang prinsipyo. At noon ngang pumaroon si Abraham upang bawiin si Lot, hindi nga siya pumaroon sa kadahilanang alam niyang kayang-kaya niyang gapiin ang mga hari at samsamin ang lahat ng kanilang pag-aari, pumaroon siya sa prinsipyong "ililigtas niya ang kanyang kapatid."

76 At kahit sinong ministrong isinugo sa ilalim ng inspirasyon ng Hari ng Langit, ay hindi hahayo para sa salapi; ni hindi rin siya hahayo para magtayo ng naglalakihang mga simbahan, ni hindi rin siya hahayo para itaguyod ang pagka-denominasyon. Hahayo lamang siya na may isang prinsipyo, at 'yun ay, "Ang madala pabalik ang kapatid na nahulog." May makuha man siyang sampung sentimo o wala, hindi na 'yun mahalaga.

77 Gaya nung sinasabi ko, "Ang mga tunay na digmaan ay ipinakikipaglaban at ipinapakikipagbaka na may prinsipyo at hindi dahil sa pera." Pero may mga lalaki at babaing umaanib sa iglesya at nagsisimba dun, para sumikat, o kaya dahil kasapi kasi roon ang mga *Jones*, o kaya naman lilipat ng simbahan mula sa dati nilang munting simbahan papunta dun sa bigating simbahan, ginagawa n'yo nga ito para sa isang makasariling kadahilanan at ang tamang prinsipyo ay wala sa likod nito.

Ang dapat sana'y nakahanda kayong tumayo sa pinaka lugar ng kasagsagan ng pakikipagbaka.

78 Sa tabernakulo rito, sakaling may problemang uusbong, at mapagpapasiyahan n'yo mga kalalakihan at mga kababaihan na umalis at pumunta kung saan-saan, o magpapahapay-hapay hanggang sa humupa ang kaunting bangayang ito at pagtatalo, may mali sa karanasan ninyo. Ganoon nga.

79 May kaugalian tayo rito. Mayroon tayong—mayroon tayong kaayusan dito. Nakabatay ang iglesya rito sa mga panuntunan ng Biblia. Kung may sinumang hindi gumagawa ng tama rito, at kung sa palagay n'yo ay hindi nga talaga sila gumagawa ng tama, puntahan mo siya at kausapin siya. Kung hindi kayo magka-ayos, magsama ka ng ilang kapatid, isa o dalawa. Kung ayaw niya talagang lumagay sa ayos, sabihin n'yo sa iglesya. At paaalisin siya ng iglesya, at hindi na makikisama pa sa kanya. Hayan nga't sinabi ni Jesus, "Anumang inyong kalagan sa lupa, ay kakalagan Ko sa Langit."

80 Iyan ang dahilan kung bakit napakarami n'yong problema, hayan nga't hindi kasi n'yo sinusundan ang mga panuntunan ng Biblia. Kung may magpaumpisa man ng gulo sa iglesya, o magpakita ng mali, hindi n'yo tungkulin na pumaroo't pag-usapan ang lalaking ito o ang babaing ito. Tungkulin n'yong puntahan ang naturang lalaki o babae, at sabihin sa kanya ang kamalian niya. At kung ayaw niyang makinig, magsama kayo ng ilang kapatid. Kung ayaw pa rin niyang pakinggan kayo, kung gayon ay kakalagan na siya ng iglesya. Sinabi ni Jesus, "Anuman ang kalagan ninyo sa lupa, ay kakalagan Ko sa Langit. Anuman ang talian ninyo sa lupa, ay tatalian Ko sa Langit." Iyan nga ang kapangyarihan ng iglesya.

81 Hindi pa ganoong katagalan, isang mabuti kong kaibigang mangangaral, may binata siyang miyembro, at dumadalo ang binatang ito sa simbahan, sa mismong simbahan nung kaibigan ko. Dumating sa puntong nalagay sa alanganin 'yung binata at nagsimula itong sumama-sama sa isang babaing naninigarilyo pa man din at umiinom ng alak at gumagawa ng kung anu-ano. Sabi nung mangangaral, "Oo nga, buhay niya 'yun." Isang napakatalik kong kaibigan, at mabait pa man din 'yung binata. Subalit naakit siya at tuluyang nahulog ang loob sa babaing ito; at may asawa na 'yung babae, at may ilang anak pa nga, tapos buhay pa ang asawa. Natatakot 'yung mangangaral na magkakaroon 'yung dalawa ng. . .na pakakasalan nung binata 'yung babae. Kaya naman ganoon na lang ang pangamba ng kapatid nating ito. At sabi niya sa akin, "Kapatid na Branham, gusto ko sanang mapuntahan mo itong *naturang* miyembro ko. Gusto ko sanang makausap mo siya."

82 Sabi ko, "Kapatid na . . . " Muntik ko nang mabanggit 'yung pangalan niya. "May mas maiging paraan. Huwag mo na akong

papuntahin. Kung hindi namumuhay nang tama ang naturang binata, at kitang-kita naman ng iglesya na mali ang ginagawa niya, kung ganun ay dapat nang pakialamanan ito ng iglesya. Nasa pagpapasya na ito ng iglesya. At dapat siyang puntahan na ng iglesya at pagsabihan siya."

83 Kaya nagsama 'yung mangangaral ng isang kapatiran, at pinuntahan nila 'yung binata at pinagsabihan. At sumagot 'yung binata sa kapatid, ang sabi ba naman sariling buhay naman daw niya 'yun, at huwag na sana siyang pakialaman dahil hindi naman siya nakikialam ng iba. Nagsama 'yung mangangaral ng isa uling kapatiran, bale dalawa, dalawang diyakono at pinuntahan nila 'yung binata at pinagsabihan. Ayaw pa ring makinig. Sinabi na nila sa iglesya. At hindi na dumalo 'yung binata nang ilang gabi, para makipag-ayos sa iglesya matapos na banggitin ang pagkakamali niya sa harap ng iglesya. Pagkatapos nun, kinalagan na siya ng iglesya.

84 At mga isang buwan mula noon nagkasakit 'yung binata ng malubhang pulmonya, at sabi ng doktor, "Wala na siyang pag-asang mabuhay pa." Noon din ay unti-unti siyang nanumbalik. Alam nga ng Diyos kung papaano 'yun itatama.

85 Samantalang iginigiit natin ang sarili nating pamamaraan, "Oh, dapat mo nang sipain si *ganito-at-ganoon* sa iglesya. Dapat mong gawin ang *ganito*, *ganoon*, o ang *ganyan*." Nagawa na ba ninyo ang bahagi n'yo bilang iglesya sa bagay na ito? Hayan nga. Ang paraan para unti-unti silang manumbalik, ay ibigay n'yo sila sa diyablo magkaminsan.

86 Ano nga uli 'yung sinabi ni Pablo tungkol doon sa lalaki noon na nakikisama sa kanyang ina-inahan? Hindi nga nila kayang iayos ang lalaking ito. Kaya sabi, "Ibigay n'yo siya sa diyablo." Tingnan n'yo kung ano ang nangyari. At dun nga sa kasunod na sulat ni Pablo, naituwid ang lalaking ito. Ganoon nga. May paraan ang Diyos ng paggawa sa mga bagay na gaya nito, kung susundin lamang natin ang mga alituntunin Niya.

87 Kung sakaling may umusbong na problema sa iglesya, kung mangyari nga 'yan sa inyo-inyo sa kongregasyon, sa pagitan ng magkakapatid. Sakaling sa kapulungan ng mga diyakono, isa sa inyo na mga diyakono'y hindi kumilos nang tama, dapat na magtipon ang mga iba pang diyakono at magpulong, subukan ninyong maipanumbalik ang naturang kapatid, sabihin n'yo sa kanya ang ginagawa niya; isa man siya sa mga miyembro, kahit sino man. Hayan nga't tapatin n'yo siya sa bagay na 'yan. Kung ayaw niyang itama, puntahan n'yo na ang pastor at ipaalam na. Hayan nga't, kakalagan na siya sa iglesya, at hayaan n'yo lang siya sa kalagayang 'yan na mistulang pagano at publikano. Pagkatapos ay masdan n'yo ang gagawin sa kanya ng Panginoon. Makikita n'yo, sa puntong 'yan ay matatauhan siya. Unti-unti nga siyang manunumbalik. Subalit heto tayong gumagawa sa

sarili nating pagsisikap, alam n'yo, 'yun bang sa sarili lang natin. . .gumagawa tayo sa sariling pamamaraan, kaya naman, hindi tayo nagtatagumpay.

88 Ngayon, itong si Melquisedec, Hari ng Salem, Prinsipe, Saserdote ng Kataas-taasan, sumalubong kay Abraham at siya ay pinagpala. At binahagihan Siya ng ikapu niya, binahagihan nga ni Abraham. At Siya ang Hari ng Salem. At naglabas Siya ng tinapay at alak, ang komunyon, at ibinigay ito kay Abraham pagkatapos ng pakikipagbaka, pagkatapos na mabawi na ang mga nadalang bihag.

89 Ngayon, "Ang lahat ng digmaan," gaya nga ng sabi ko, "ay ipinakikipaglaban dahil sa prinsipyo." Ngayon, sakaling may mistulang digmaan kayo sa iglesya, dapat na naroon sa tamang prinsipyo ito. Dapat na ipinakikipaglaban n'yo ang sakdal na bagay. At ganoon nga ang dapat gawin ng bawat miyembro sa iglesya. Ngayon, ang turong ito ay para sa iglesya. Iyan nga ang ipinarito natin. Iyan ang dahilan at nakatayo ako rito ngayon. Para nga sa bagay na 'yan ang Salita ng Diyos, para sa iglesya.

90 Huwag na huwag n'yo ngang hahayaang may uusbong na balakid dito sa iglesya. Kung may uusbong mang gaya n'yan, pananagutan n'yo 'yan, bawat isa sa inyo. At sa inyo, sa inyong iba't ibang iglesya, kung may mga problemang umuusbong sa inyong iglesya, pananagutan n'yo 'yun, dahil kayo ang katiwala ng iglesyang 'yan. Hindi 'yun nakasalalay sa pastor. Hindi 'yun nakasalalay sa kapulungan ng mga diyakono. Nakasalalay 'yun sa inyo mismo, sa indibiduwal, na puntahan ang kapatid na ito at tingnan kung maipapanumbalik n'yo siya. Kung hindi kaya, magsama kayo ng dalawa o tatlo, at puntahan siyang uli. Kung hindi siya makinig, sabihin n'yo na sa iglesya. Pagkatapos ay kakalagan na siya sa Kaharian ng Diyos. Sinabi nga ng Diyos, "Kung paaalisin n'yo siya riyan, paaalisin Ko siya Rito, kung susunod kayo sa tamang kaayusan." Hayan nga't pakakawalan Niya ang diyablo para sa ikayayari. . .o sa ikawawasak ng kanyang laman. At pagkatapos ay manunumbalik siya. Ganoon nga. Ganoon ang paraan para maipanumbalik siya. Kung anak siya ng Diyos, maipanunumbalik siya. Kung hindi, hayan nga—hayan nga, magpapatuloy siya sa ganoong gawi, at sa puntong 'yan ay pauuwiin siya ng diyablo sa Walang Hanggan niyang dako.

91 Ngayon, may kadahilanan doon. Kung ginagawa mo 'yan dahil ayaw mo lang sa naturang tao, iba na 'yan. Subalit, kung ang taong 'yan ay may ginawa naman talagang masama! Hayan nga't si Lot nga bumagsak at tumalikod, bagama't isa siyang Hebreo. Bumagsak siya at tumalikod. Nasa biyaya siya, subalit nahulog siya mula roon. At noong lumikas siya. . .Hayan nga't si Lot—si Lot ay naligtas. Huwag na huwag n'yo ngang iisiping hindi ligtas si Lot. Ligtas siya. Hayan nga't, sa tuwina noong mali ang dakong kinalalagyan niya, sinabi ng Biblia, na, "Lubhang

nahapis araw-araw ang kanyang matuwid na kaluluwa sa mga kasamaan ng Sodoma." Ngayon, taliwas nga lang doon ang ginagawa ng kanyang laman. At ano tuloy ang kanyang naging kawakasan? Nagdulot siya ng mas malubha pang kahihiyan. Ang asawa niya'y naging haliging asin. Nagkaroon siya ng mga anak sa kanyang mga anak na babae. Kaya, nakita n'yo na kung anong kahihiyan ang idinulot nun, dahil nga sa nahulog siya mula sa biyaya at hindi na naipanumbalik ang sarili pang muli. Hayan nga't kinailangan siyang kunin ng Diyos mula sa lupa.

92 Subalit, gayunman, isa pa rin siyang kapatid na nahulog, at ginawa ni Abraham ang lahat ng kanyang makakaya upang maipanumbalik siya. At ang Espiritung nakay Abraham noon, ay ang Espiritu ni Cristo na nasa iglesya ngayon. Kahit ano pang nagawa ng kapatid, gagawin mo ang lahat ng makakaya mo upang maibalik siya sa pakikisama kay Cristo minsan pa. Kahit ano pa ang nagawa niya, magpupursigi ka.

93 Ngayon, pansinin natin dito minsan pa, sa pagpapatuloy ng ating aralin tungkol kay Melquisedec, ang dakilang Saserdote ng Salem, at ang may-ari ng Kalangitan at lupa. Ngayon, hayan nga't:

> *Walang ama, walang ina, walang tandaan ng lahi, at walang pasimula ng mga araw ni* katapusan *ng buhay man, datapuwa't naging katulad ng Anak ng Dios; ay nanatiling saserdote magpakailan man.*

Ngayon masdan. Hindi Siya ang Anak ng Diyos, Siya ang Diyos ng Anak. Hindi Siya ang Anak ng Diyos, hindi nga si Melquisedec, hayan nga't Siya ang Ama ng Anak ng Diyos.

94 Ngayon, itong katawan Niya roon, Siya ang maylikha noon. Hindi 'yun iniluwal ng isang babae. Kaya naman sa nilikhang katawang 'yun, hindi nga Niya magagawa . . . Sa katawan ngang 'yun na Siya, Mismo ang maylikha, na ihayag ang Sarili.

"Walang taong nakakita kailanman sa Diyos. Ang Diyos ay espiritu." Hindi nakikita ng mortal na mga mata ang ganoong mga bagay, 'liban na iyon ay nasa anyong gaya ng Haliging Apoy, o anumang anyo, o sa isa ngang anyong nakikita nila sa pangitain. Hayan nga't . . . ipinahahahayag ng Diyos ang Sarili sa pamamagitan ng iba't ibang paraan. Ipinahayag nga ng Diyos ang Sarili kay Abraham, sa anyo ng isang tao. Ipinahayag Niya ang Sarili kay Moises, sa anyo ng isang tao. Ipinahayag Niya ang Sarili sa mga anak ni Israel, sa anyo ng isang Haliging Apoy. Ipinahayag Niya ang Sarili kay Juan Bautista, sa anyo ng kalapati. Nakita n'yo, ipinahahahayag Niya ang Sarili sa mga anyong 'yun.

Hayan din at ipinahayag Niya ang Sarili sa anyo ng isang Tao, bilang Hari ng Salem; ng Jerusalem; hindi ng makalupang Jerusalem po, kundi ng Makalangit na Jerusalem. Ipinahayag

Niya ang Sarili sa ganoong anyo. Siya ay ginawang “katulad ng” Anak ng Diyos.

95 Ngayon, ang Anak ng Diyos ay kinailangang pumarito sa pamamagitan ng babae, upang makaparito sa ganyang anyo; sa pamamagitan ng sinapupunan ng babae, dahil sa pamamagitan ng anyo ngang ’yan ay dumating ang kamatayan.

96 At hindi nga Siya pumarito sa paglikhang gaya ng ginawa ng Diyos noong pasimula. Noong likhain ng Diyos ang tao sa pasimula, walang anumang kinalaman doon ang babae. Sinabi lang ng Diyos, “Magkaroon,” at lumitaw ang lalaki mula sa alabok. Tinawag Niya ang lalaki, nang hindi nangailangan pa ng babae. Hayan nga’t, ang babae, ay naroon noon sa lalaki.

97 At kinuha ng Diyos ang babae mula sa tagiliran ni Adan. Tama po ba ’yun? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] At pagkatapos ay nagpasimulang magluwal na ang babae sa pamamagitan ng seksuwal na pamamaraan. Kaya nga’t ang tanging paraan lang upang magawa ng Diyos na . . . Hindi kasi Siya maaaring pumarito sa theophany. Hindi Siya maaaring pumarito bilang si Melquisedec. Pumarito nga Siya bilang Tao, hayan nga’t kinailangan Niyang pumarito sa pamamagitan ng babae. “Ang iyong Binhi ang dudurog sa ulo ng serpiyente, at ang ulo nito ang dudurog ng Iyong sakong.” Nakukuha n’yo ba? [“Amen.”] Kinakailangan ngang dumating ang Diyos sa pamamagitan ng isang babae; at dumating nga Siya, noong tumahan Siya sa Kanyang katawan ng Kanyang Anak, na si Cristo Jesus. “Ang Diyos kay Cristo, ay pinakipagkasundo ang sanlibutan sa Kanya rin.” At inihandog Niya ang Sarili Niyang Dugo bilang hain. At ibinigay ang Kanyang Buhay, upang sa pamamagitan ng daan ng kamatayan, ay mailigtas Niya kayo patungo sa Buhay na Walang Hanggan.

98 Kaya hayan na nga’t dumating ang Diyos, at ginawa Siyang “katulad ng” Anak ng Diyos. Kita n’yo? Siya ay isang Tao na ginawang *katulad* ng Anak ng Diyos. Ngayon, hindi Siya maaaring maging ang Anak ng Diyos, sapagkat ang Taong ito ay Walang Hanggan.

99 May pasimula ang Anak ng Diyos, may wakas din Siya. May—may araw Siya ng kapanganakan Niya, may araw din Siya ng kamatayan Niya. Parehas ngang may pasimula Siya at katapusan. Parehas ding may ama at ina Siya.

100 Ang Tao ngang tinutukoy roon ay walang ama o ina man, ni pasimula at wakas ng panahon. Hayan nga’t Siya ay ginawa, ang Taong ito, si Melquisedec, ginawang *katulad* ng Anak ng Diyos.

101 Ngayon, ang Anak ng Diyos, pumarito Siya sa sanlibutan, sa anyo ng babae, o, sa pamamagitan ng isang babae, sa anyo ng tao, at pinatay, ibinangong mag-uli sa ikatlong araw, nabuhay para sa pag-aaring ganap natin, at ngayon Siya’y nananatili na magpakailanman. At hanggang nananatili ang katawang

iyon, tayo rin naman ay mananatili. At dahil bumangon Siya mula sa lupa, ibabangon din tayo ayon sa Kanyang wangis. Hayan ang kuwento ng Ebanghelyo. Purihin ang Pangalan ng Panginoon. Hindi mga Anghel, hindi sobrenatural na mga nilalang, hindi mga ibong nagtitipun-tipon ayon sa balahibo, kundi mga lalaki at babae, amen, ang tatayo ayon sa Kanyang wangis. Siyanga, po.

102 Gaya ng lagi kong sinasabi, sasabihin ko ito uli ngayon. Palagay ko'y naaangkop ito. Nagsusuklay ako noon, mga lima o anim na buhok na lang ang natitira sa ulo ko. At sabi ng aking maybahay, "Billy, nakakalbo ka na."

103 Sabi ko, "Hindi naman talaga sila nawala nang tuluyan."

104 Sabi niya, "Saan na sila napunta?"

105 Sabi ko, "Sabihin mo sa akin kung saan sila naroon bago ko sila nakuha, sasabihin ko sa iyo kung saan sila naghihintay ngayon para sa akin." Ganoon nga.

106 Isa—isa akong boksingero noon, lumalaban-laban ako dati. Malakas ako noong araw at malaki. At pakiramdam ko, kung ipapatong n'yo itong simbahan sa likod ko, makalalakad ako dun sa kalsada na pasan-pasan ito. Pero ngayon sinasabi ko sa inyo, kapag bumabangon ako tuwing umaga, napagiisip-isip kong halos apatnapung taon na pala ang nakalipas. Kita n'yo? Hindi na ako tulad ng dati. Unti-unti na akong humihina nang humihina, araw-araw. Kapag pinagmamasdan ko itong mga kamay ko'y naiisip ko, "Tingnan mo nga naman. Hayan na nga, tumatanda na talaga ako." Titingnan ko 'yung mga balikat ko. Hayan nga't maraming timbang ang nadadagdag sa akin. Dati ay beinte-otso lang ang baywang ko. Ngayon trenta na ang suot kong sinturon. Kita n'yo, tumatanda na talaga ako, tumataba, unti-unti nang humihina.

107 Ano ito? Ganoon pa rin naman ang kinakain ko gaya nung dati. Kung tutuusin nga mas malinis at mas maingat pa ang pamumuhay ko ngayon kaysa noon, na malinis at maingat din. Subalit nagtakda ang Diyos ng panahon para sa akin, at dapat ko itong matanggap. Pero sa kabila noon lubos na pagpapala nga, na, sa panahon na 'yan, ay ibabangon Niya akong maguli. At ang lahat ng kung ano ako nung beinte-singko anyos ako, ay makakamtan kong muli magpakailanman. Amen. Hayan nga. Bakit ko naman ikababalisa ang pagtanda? Marami-raming taon ko na ring dinadaig ang diyablo, lalo na ngayong nakatitiyak akong, sinasampalatayanan ko Siya. Ang sandaling panahon ng pamamalagi natin rito'y maiksi lang, di mahaba, kung tutuusin. Kung mamamalagi tayo rito ng tatlong dalawampung taon at sampung taon, pitumpung taon bale, ang itinalagang panahon para sa atin, ano—ano ba naman 'yung kaunting kahirapan at kalungkutan? Ano ito? Magagawa n'yo na kayang ipagpalit

itong bahay-pesteng ito sa maluwalhating bagay na ’yun sa dako roon?

108 Hayan nga’t, purihin talaga ang Pangalan ng Panginoon! May bagay sa loob ko na kinatagpo yaong Melquisedec sa araw na iyon, at Siya’y nangusap sa akin ng kapayapaan at Kanyang pinagkalooban ako ng Buhay na Walang Hanggan. At wala na ngang ibang layon ang buhay na ito rito kundi ang magamit na tabernakulo para maipangaral ang Ebanghelyo. Sinasabi ko po ito nang buong katapatan, habang nakabuklat ang dalawang Bibliyang ito sa harapan ko. Kung ang aking Diyos ay tapos na sa paggamit sa akin sa pangangaral ng Ebanghelyo, at wala na akong natitira pang layon para sa Kanya, at nagsilakihan na ang mga anak ko na kaya na nilang alagaan ang kanilang mga sarili, at nais na Niya akong kunin sa oras ding ’yun, “Amen,” ’yun na ’yun. Siyanga, po.

109 Ano ba naman kung otsenta na ako o kung beinte man ako? Narito ako para sa isang bagay lamang: ang paglingkuran ang Panginoon. Iyon lamang. Kung magagawa ko pa ring ipangaral ang Ebanghelyo na gaya ng ginagawa ko ngayon, pagtungtong ko ng otsenta, ano ba naman ’yung kuwarenta ako o otsenta? Maraming tao ngayong gabi ang otsenta anyos na. At marami ring mga batang-paslit ang namamatay agad, at nahuhuli pang mamatay sa marami sa kanila ang isang matandang lalaking otsenta anyos na. Kaya anong magiging kaibhan nun? Nasa layunin n’yo ’yan, mga prinsipyo, at narito nga tayo upang paglingkuran ang Panginoong Jesus. Iyon lamang.

110 Nalalaman nga natin, na, “Ang buhay na ito’y isang singaw na gaya ng sinasabi ng isang tao; na sa sandaling panahon ay lumilitaw, at pagdaka’y napapawi.” Subalit kung mayroon tayong Buhay na Walang Hanggan, ipinangako na ng Diyos na ibabangon Niya tayong mag-uli. At Siya’y makakasalo natin sa komunyon sa pagtatapos ng mga araw, sa panahong sasabihin Niyang, “Pumasok ka sa kagalakan ng Panginoon, na nakahanda sa inyo buhat nang itatag ang sanlibutan.”

111 Kaya anong magiging kaibhan nun, sagana ka man o salat? Bata ka man o matanda na, anong magiging kaibhan nun? Ang pinaka mahalaga, handa na ba kayong salubungin Siya? Iniibig n’yo ba Siya? Kaya n’yo ba Siyang paglingkuran? Tinalikuran n’yo na ba ang mga bagay ng sanlibutan? Nakatagpo n’yo na ba si Melquisedec buhat noong matapos ang pakikipagbaka?

112 Purihin ang Diyos! Noong mga nasa beinte-uno anyos ako, noon, may mga araw na nakikipagbaka ako sa *ganito*, *ganoon*, at sa *kung anu-ano*. Hindi ko talaga malaman kung gusto ko bang maging boksingero, o kung gusto ko bang maging isang mamamaril ng hayop, o mangangaso, o kung ano ba talaga. Subalit nakatagpo ko si Melquisedec, at binigyan Niya ako ng komunyon, at buhat noon ay naisaayos magpakailanman ang

lahat-lahat. Hallelujah! Nakalipat na ako sa Kanyang panig. Ako'y nagagalak na mula noon sa daan. At kapag humantong na ako sa dulo ng daan, at ako'y tititigan ng kamatayan nang harap-harapan, gaya ng nadarama ko ngayon, hindi ko na 'yun katatakutan pa. Lalakad ako, lalakad nga ako nang harap-harapan, na nakatitiyak, na aking nakikilala Siya na nagbitiw ng pangako, siyanga, na nakikilala ko Siya sa kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli. Kapag tatawag na Siya sa gitna ng mga patay, lalabas ako mula sa gitna nila. Siyanga, nakikilala ko Siya sa kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli. Ano ngang magiging kaibhan, ako man ay matanda na o bata pa? Maliit man ako o malaki? Busog man o gutom? May dako akong mapaghihimlayan o wala man?

113 "Ang mga ibon ay may mga pugad, may mga lungga ang soro, datapuwat ang Anak ng tao ay walang mapaghiligan ng Kanyang ulo," gayong Siya ang Hari ng Kaluwalhatian.

114 Tayo'y mga hari at mga saserdote sa gabing ito. Ano naman kung sagana ka o salat? Hangga't nasa atin ang Diyos, higit pa tayo sa mga mananagumpay. Tayo'y higit pa sa mga mananagumpay. Nakaupo tayo sa Presensya ng Diyos, kasalo ang Espiritu Santo, nakikibahagi sa Espirituwal na komunyon na nanggagaling sa mga kamay Niya na nagpatotoong, "Ako Siya na namatay, at nabuhay na mag-uli, at Ako'y nabubuhay magpakailanman." Sama-sama tayong nakaupo sa Makalangit na mga dako kay Cristo Jesus. Oh purihin ang Kanyang banal na Pangalan. Ano ngang magiging kaibhan?

> Tolda man 'yan o dampa, bakit ako mababahala?
> Sila sa Dakong 'yun ay nagtatayo nitong aking magiging palasyo!
> Na sa rubi at brilyante, at pilak at ginto ang yari,
> Punung-puno ang Kanyang kaban, di malirip bilangin Kanyang yaman.

115 Nakasalubong ko Siya sa araw na iyon noong paparating ako mula sa pakikipagbaka. Inilapag ko ang aking mga tropeo. Hindi ako ang lumaban sa pakikipagbaka noon pa man; Siya na talaga ang lumalaban para sa akin. Nagtitiwala lamang ako sa Kanyang pangako, dahil nalalaman kong, nakikilala ko Siya sa kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli. Iyon lang naman ang mahalaga. Ano pa bang mas mahalaga?

116 Ano bang kaya nating gawin? Sa pag-iisip ba ay madaragdagan ng isang sikong taas ang tangkad natin? Ano naman kung kulot ang buhok mo, o kung may buhok ka o wala na? Anong magiging kaibhan nun? Matanda ka man, ubanin na, hukot man ang balikat, di hukot, ano naman kung ganoon? Amen. Maikling panahon lang na ganyan, maiksing panahon

lang, subalit ang bagay na Iyon ay magpakailan-kailanpaman. At libu-libong taon man ang mabilis na magdaan, dumating at lumipas man ang iba't ibang kapanahunan, hinding-hindi kayo magbabago, sa pagdaan n'yo sa Kanyang Walang Hanggang mga kapanahunang di kailanman magwawakas. Kaya ano ang magiging kaibhan ng mga bagay-bagay?

117 Labis akong nagagalak na nakatagpo ko Siya. Labis akong nagagalak na binigyan Niya ako ng komunyon, sa araw na iyon, ng siya ring Melquisedec na sumalubong kay Abraham sa pagbabalik mula sa paglipol sa mga hari. Siyanga. "Ang Diyos ng Langit," ang *El Elyon*; ang dakilang "AKO NGA," hindi ang Ako noon; AKO NGA, pangkasalukuyan. "At siya'y pinagpala Niya."

118 Makinig lamang po nang kaunti pa, at dadako na tayo sa paglalakip-lakip ng aralin natin. Ngayon sa ika-4 na talata.

> *Nilaynilayin nga ninyo kung gaano ang kadakilaan ng taong ito,. . .*

Ganyang-ganyan din ang naiisip ko, siyanga. "Nilaynilayin nga ninyo kung gaano ang kadakilaan ng Taong ito." Siya ay higit pa sa Anak ng Diyos. Ang Anak ng Diyos ay may ama at ina; Siya'y wala. May pasimula ng panahon ang Anak ng Diyos at wakas ng panahon; Siya'y wala. Sino 'yun? Iyon ang Ama ng Anak. Iyon nga Siya.

> *. . . nilaynilayin nga ninyo kung gaano ang kadakilaan ng taong ito, na . . . binigyan ni Abraham na patriarka* ng *ikasangpung bahagi ng* lahat *ng mga pinakamagagaling na samsam.*

119 Ngayon pakinggan n'yong mabuti.

> *At katotohanan ang mga sa anak ni Levi, na nagsisitanggap ng katungkulang saserdote, ay mayroong . . . utos na kumuha ng* mga ikasangpung bahagi *sa bayan ayon sa kautusan, sa makatuwid, ay sa kanilang mga kapatid, bagama't ang mga ito ay* nagsilabas *sa mga balakang ni Abraham:*

120 Ngayon masdan n'yo nga itong maigi kung nais n'yong makita ang napakagandang bagay.

> *Nguni't yaong ang talaan ng lahi ay hindi* ipinagpapatuloy . . . *sa kanila ay* kumuha *ng ikasangpung bahagi kay Abraham, at pinagpala yaong may* pangako.

121 Taglay ni Abraham ang pangako, at pinagpala ng Taong ito si Abraham na nagtataglay ng pangako. Sino ito? Nagbigay nga ng ikapu ang mga anak ni Levi sa kanilang mga kapatid o . . . Ang kanilang mga kapatid ang nagbigay ng ikapu sa kanila. May utos sa kanila ang Panginoon na kumuha ng ikasampung bahagi ng kinikita ng kanilang mga kapatid, bilang kanilang

kabuhayan, dahil sila'y mga saserdote. Ngayon, pansinin n'yo ang pagkasaserdote ni Melquisedec, kung ano ang sinasabi, sa bagay na 'yan. Siyanga. Hayan nga't ang Taong ito. . .Maging yaong nagtataglay ng pangako, yaong pinakadakila nang tao sa lupa, si Abraham, nang makasalubong niya ang Taong ito ay nagbigay siya ng ikasampung bahagi sa Kanya. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Kaya naman higit na mas dakila nga Siya.

122 Pakinggan n'yo.

> *Datapuwa't walang* anumang *pagtatalo ang mababa ay pinagpapala ng mataas.*

Tunay nga. Masdan n'yo kung Sino Siya.

> *At dito'y ang mga taong may kamatayan ay tumatanggap ng ikasangpung bahagi;. . .*

Ganyan nga ang pagkasaserdote ng mga saserdote at mga mangangaral, at iba pa. Tumatanggap ng ikasampung bahagi ang mga taong, may kamatayan. Kita n'yo?

> *. . .datapuwa't* dito *ay ang isa, na pinatutunayang nabubuhay.*

123 Para saan pa kaya at kukuha ng ikasampung bahagi ang isang tao, kung taglay naman niya. . .Kung hindi naman Siya ipinanganak, at tapos hindi kailanman mamamatay, at naroon na nung pasimula hanggang wakas, at—at walang ama o ina, o talaan ng lahi, at nagmamay-ari ng buong Kalangitan at lupa at ang lahat ng mga bagay roon, bakit nga naman kailangan pa niyang kumuha ng ikasampung bahagi? Bakit nga niya sasabihin pa kay Abraham na magbigay ng ikasampung bahagi? Nalalaman n'yo ngang isang napaka seryosong bagay ang pagbibigay ng ikapu? Ang pagkakaloob ng ikapu ay tama. Tungkulin nga ng bawat Cristiano ang pagbibigay ng ikapu. Siyanga. Hindi 'yun kailanman nabago.

124 Ngayon:

> *At sa makatuwid baga'y sa pamamagitan ni Abraham, pati si Levi, na* tumatanggap ng ikasangpung bahagi*, ay nagbayad ng ikasangpung bahagi;*

125 Ngayon, oh, heto ang isang napakagandang bagay.

> *Sapagka't siya'y nasa mga balakang pa ng kaniyang ama, nang ito'y salubungin ni Melquisedec.*

126 Ano raw, si Levi? Kalolo-lolo-lolohan ni Levi si Abraham. At sabi rito ng Biblia, na, "si Levi ay nagbayad ng ikasampung bahagi noong nasa mga balakang pa siya ni Abraham." Apat na henerasyon bago pa siya dumating dito sa lupa, nagbabayad na siya ng ikasampung bahagi kay Melquisedec. Purihin ang Pangalan ng Panginoon!

127 Tapos, hindi mapani-paniwalaan ng ilan ang pagtatalaga, o ang paghahalal; samantalang dito, apat na salinlahi bago pa

lumabas si Levi mula sa mga balakang ni Abraham, nagbabayad na siya ng ikasampung bahagi kay Melquisedec. Sana'y may panahon pa tayo para matugaygay itong maigi sa Kasulatan.

128 Kung dadalhin n'yo ito halimbawa sa Jeremias 1:4, sinabi ng Diyos, "Bago ka pa inanyuan sa sinapupunan ng iyong ina ay nakilala na Kita. At pinapaging banal na Kita at inihalal na Kitang propeta sa mga bansa." Kung ganun ano ang masasabi n'yong nagawa ninyo? Ano ang masasabi kong nagawa ko? Ang Diyos 'yun na naaawa. Nakilala na tayo ng Diyos bago pa ang pagkatatag ng sanlibutan.

129 Hindi Niya ibig na sinuman ay mapahamak. Hinding-hindi nga. Dahil kung Diyos Siyang talaga, alam na Niya kung sino ang maliligtas at kung sino ang hindi maliligtas, kundi ay wala Siyang anuman talagang nalalaman. Kung hindi Niya alam... Kung hindi Niya nalalaman kung sinu-sino ang makakasama sa Pag-agaw, bago pa man naanyuan noon ang sanlibutan, ibig sabihin ay hindi Siya Diyos. Kung wala nga Siyang katapusan, Kanyang...Kanyang nalalaman nga ang bawat pulgas, bawat langaw, bawat hanip, bawat kuto, na lilitaw sa lupa, bago pa man naanyuan ang lupa. Siyanga. Alam Niya ang lahat ng mga bagay. Bago pa ang pagkatatag ng sanlibutan, kilala na Niya tayo. Hayan nga't sinabi ng Biblia, na, "Nakilala Niya tayo at itinalaga na nang una."

130 Klaruhin na natin ito nang tuluyan. Bumalik tayo sa Mga Taga Efeso, sa unang kabanata. Sa ika-5 kaba-...Sa unang kabanata ng Mga Taga Efeso, pansumandali. Nais kong bumasa rito pansumandali, nang sa gayon ay maunawaan n'yo na talagang hindi lang ito isang bagay na pinagsusumikapan kong sabihin sa inyo. Ang Diyos mismo ang nagsasabi ng bagay na ito. Kita n'yo? Ngayon pakinggan n'yo itong, mabuti, unang kabanata ng Mga Taga Efeso.

> *Si Pablo, na apostol ni Cristo Jesus sa pamamagitan ng kalooban ng Dios,...*

Yung taong sumulat ng liham sa mga Hebreo, siya rin itong nagsusulat ng liham na ito.

> *...sa mga banal...*

Hindi ito para sa mga di-mananampalataya, kundi sa mga banal, mga bina-...mga binanal.

> *...na nangasa Efeso, at sa mga tapat kay Cristo Jesus:*

> Sumainyo *nawa ang biyaya, at kapayapaang, mula sa Dios na ating Ama, at sa Panginoong Jesus Cristo*.

> *Purihin nawa ang Dios at Ama ng ating Panginoong Jesus Cristo, na* siyang *nagpala sa atin ng bawa't pagpapalang ukol sa espiritu sa sangkalangitan...*

"Ayon sa pagkapili Niya..." Ngayon, pakinggan n'yo nga itong maigi, sa ika-4 na talata.

*Ayon sa pagkapili niya sa atin sa kaniya bago itinatag ang sanglibutan, . . .*

Sino 'yung binabanggit diyan na "sa atin"? Ang Iglesya.

. . .sa pagkapili niya *sa atin sa kaniya* (kay Cristo) *bago itinatag,* ang lupa*, upang tayo'y maging mga banal at mga walang dungis sa harapan niya sa pagibig:*

*Na tayo'y itinalaga niya nang una pa sa pagkukupkop na tulad sa mga anak sa pamamagitan ni Jesus Cristo sa ganang kaniya, ayon sa minagaling* ng sarili niyang *kalooban,*

131 Sino ang gumawa nito? Ang Diyos ang gumawa nito. Alam na ng Diyos mula pa nung pasimula kung sino ang maliligtas at kung sino ang hindi maliligtas. Tunay nga, hindi Niya ibig na sinuman ay mapahamak. Subalit hindi nga Niya isinugo rito si Jesus para tingnan muna kung kayo'y—kayo'y maaantig na para bang, "Buweno, kaawa-awang Jesus, nahahapis ako sa Kanya. Siguro nga'y mas makabubuti kung magpapaligtas ako at tutugon." Hindi, ganoon.

132 Alam na ng Diyos sa pasimula kung sinu-sino at kung sinu-sino ang hindi. Kaya, samakatwid, alam na Niyang talaga kung sinu-sino talaga, kaya isinugo Niya si Jesus bilang kabayaran para dun sa mga nakilala na Niya noong una. "Sapagkat yaong mga nang una pa'y Kanyang nakilala, ay tinawag Niya. At ang mga tinawag Niya, ay inaring-ganap naman Niya. At ang mga inaring-ganap, ay Kanyang niluwalhati (tapos na) din naman." Hayan nga.

133 Kaya hindi ito sa ganang inyo kaya nakakapanatili kayo, biyaya ng Diyos ang dahilan at nakakapanatili kayo. Hindi n'yo nga iniligtas ang mga sarili n'yo, wala nga kayong nagawa para masabi man lang na karapat-dapat kayo sa pagligtas. Biyaya ng Diyos ang nagligtas sa inyo. Biyaya ng Diyos ang tumawag sa inyo. Nakilala na kayo sa paunang kaalaman ng Diyos. Alam Niyang paririto kayo sa simbahang ito ngayong gabi, bago pa man nailagay ang patibayan ng sanlibutan, dahil Siya'y walang katapusan. Kung hindi Siya ganoon, hindi sana Siya Diyos. Kung nalalaman nga Niyang talaga ang lahat ng mga bagay, Siya'y Diyos nga. Kung hindi Niya nalalaman ang lahat ng mga bagay, hindi Siya Diyos. Kung Diyos Siyang Makapangyarihan sa lahat, may kakayahan Siyang gawin ang lahat ng mga bagay. Kung wala Siyang kakayahang gawin ang lahat ng mga bagay, hindi Siya Diyos na Makapangyarihan sa lahat. Hayan nga.

134 Kaya papaano n'yo sasabihing sa isang bagay na nagagawa n'yo ito? Hindi nga ito sa bagay na nagagawa n'yo. Pag-ibig at biyaya ng Diyos ito sa inyo, kaya narito kayo ngayon. Hindi nga ito sa anumang kaya n'yong gawin, tinawag kayo ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang biyaya; kayo'y nakinig, tumugon, tumanggap.

135 "Buweno," sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, napakaluwag naman n'yan kung ganyan." Tunay nga. Malaya kayo. "Hayan nga't, magagawa ng sinuman anuman ang naisin niya." Walang pasubali. Ako man ay ginagawa ko sa tuwina ang nais kong gawin. Subalit kung isa kang Cristiano, ayaw mo ngang gagawa ka ng masama.

136 Isang kalugod-lugod na babae ang nakaupo riyan sa likod ngayong gabi, ang maybahay ko. Mahal na mahal ko siya sa kaibuturan ko. At kung malaman ko mang makapupuslit ako kasama ang ibang babae at walang magiging kaso, pumunta man ako't ipaalam sa asawa ko, sabihin ko mang, "Meda, mali itong nagawa ko," sa palagay n'yo ba'y gagawin ko pa rin 'yun? Kung totoo ang pag-ibig ko sa kanya, hindi ko magagawa ang bagay na 'yun. Siyanga.

137 Ngayon, papaano naman kung ganito ang sabihin ko, "Oh, hindi ko gagawin 'yun. Hayan nga't, sasabihin ko sa inyo kung bakit. Hihiwalayan niya kasi ako, at may ano pa naman ako. . . Oh, haya't isa pa naman akong mangangaral. Nakikita n'yo ba kung anong mangyayari? Hindi na ako makapapangaral pa sa pulpito, kung hihiwalayan niya ako. 'Hiwalay sa asawa, oh!' Tatlo pa man din ang anak ko; di ko lubos maisip ang ganun. Naku, grabe, ako'y. . . "? Buweno, kung ganyan kayo, legalista ang labas n'yo. Hindi naman ko siya pinakasalan sa pagiging legalista. Hindi pagiging legalista ang dahilan kung bakit tapat ako sa kanya. Ang dahilan nga'y mahal ko kasi siya. Hindi ko kailangang kumilos nang kakaiba. Kumikilos ako nang taos dahil pag-ibig ang bumuo nito. At kung mahal n'yo ang inyong asawa, ganoon din ang ikikilos n'yo.

138 At kung ganyan ang pagmamahal n'yo sa inyong asawa, sa isang pag-ibig na *phileo*, ano pa kaya ang kaya n'yong gawin kay Cristo sa isang pag-ibig na *agapao*, na makamilyong beses na mas matibay, kung talagang iniibig n'yo ang Diyos? Kung malaman ko man ngayong gabi na puwede akong pumuslit at maglasing, kung malaman ko man ngayong gabi na puwede akong magpagala-gala at kumilos nang imoral, kung malaman ko man, ngayong gabi; mailagay man sa puso ko na gawin ang ganoon, at pumuslit ako at gawin 'yun, dahil nalalaman kong patatawarin naman Niya ako, hindi ko pa rin 'yun gagawin. Mataas ang paggalang ko sa Kanya. Iniibig ko Siya. Tunay. Walang alinlangan.

139 Iyan nga ang dahilan kung bakit hindi ko ipagbibili ang karanasan ko kahit kailan sa anumang denominasyon, (hindi, talaga), Assemblies of God man 'yan, Church of God man 'yan, Pilgrim Holiness man 'yan, Methodist, Baptist, Presbyterian, Katoliko. Hindi ko tatanggapin ang anumang iaalok na kapalit, para sa karanasang ito. Sapagkat, hindi ito kailanman nagmula sa kung sinong tao. Nagmula ito sa Diyos. Kaya hindi, talaga. Hindi ko talaga ipagbibili ang aking pagkapanganay kapalit ng

rock-and-roll ni Elvis Presley, o ng kanyang, o, hile-hilerang mga Katoliko, o mga Cadillac pala, o kanyang mga milyong dolyar, at lahat, na kinikita niya buwan-buwan. Hindi, talaga. Iniibig ko Siya. Hayan nga't ako'y. . .Hangga't iniibig ko Siya nang ganyan, mananatili akong matapat sa Kanya. At kung tinawag talaga ako ng Diyos at hinirang talaga ako, may inilagay nga Siya sa akin, at iniibig ko Siya.

140 Naalala ko si G. Isler. Kilala n'yo siya, marami sa inyo ang nakakakilala sa kanya. Taga-rito siya mismo, senador ng estado ng Indiana; naparito siya, tumugtog ng gitara. Noong namatay ang anak ko, namatay ang asawa ko, at lahat sila'y inilibing dito sa libingan. Naglalakad na akong pauwi noon, habang nakalagay sa likod ko ang mga kamay ko, umiiyak. Lumundag siya mula sa kanyang maliit, na lumang trak, at lumapit para akbayan ako, sabi, "Billy, gusto kitang tanungin ng isang katanungan." Sabi, "Narinig na kitang mangaral na anupa't halos mahulog ka dun sa pulpito. Narinig na kita sa mga kanto at kung saan-saan pa, humihiyaw para kay Cristo." Sabi, "Ngayong kinuha na Niya ang iyong tatay. Kinuha din Niya ang iyong kapatid. Kinuha silang pareho sa iyo, hayan nga't namatay sila sa mga bisig mo. Namatay nga riyan. Namatay ang asawa mo, habang hawak-hawak ang mga kamay mo. At nung mamatay ang anak mong sanggol, tumawag ka noon sa Kanya para tulungan ka. At tinalikuran ka Niya. Ano ang iniisip mo tungkol sa Kanya?"

141 Sabi ko, "Iniibig ko Siya sa kaibuturan ko. Dalhin man Niya ako roon sa impiyerno, mamahalin ko pa rin Siya." Siya'y matuwid. Hindi ko lang sinasabi 'yan; napatunayan na 'yan sa loob ng dalawampu't anim na taon. Siyanga.

142 Kung iniibig n'yo nga Siya! Hindi bilang isang tungkulin, na, "Hindi ko puwedeng gawin *ito*, hindi ko puwedeng gawin *iyon*." Mahal na mahal n'yo nga Siya para gawin pa ang mga bagay na ganyan, hayan nga't pinili Niya kayo. Hindi n'yo Siya kailanman pinili, Siya ang pumili sa inyo.

143 Sasabihin n'yo. "Hinanap ko ang Panginoon, at patuloy kong hinahanap ang Panginoon."

Walang taong humahanap sa Diyos. Ang Diyos, ang humahanap sa tao. Maaaring hanapin n'yo Siya para humingi ng tulong, subalit kinakailangang baguhin ng Diyos ang inyong kalikasan bago n'yo Siya tuluyang hanapin, sapagkat, kayo'y makasalanan, kayo'y mistulang baboy. Siyanga.

144 At ang ilan nga sa inyo na mga nagsisidalo sa simbahan at ang buhay naman ay hanggang masabi lang na miyembro kayo, hayan nga't paglabas n'yo rito ay ginagawa n'yo ang kung anu-anong bagay sa sanlibutan, tapos pagbalik n'yo rito ay sinasabi n'yo, "Oo, kabilang ako sa iglesya." Buweno di hamak namang napakalayo n'yan sa pagiging kabilang sa Diyos. Siyanga. Hindi

ko. . .Pero nakikita n'yo naman may mga tao ngang ganyan, napapansin n'yo 'yan. Oh, mabubuti silang miyembro ng iglesya. Totoo 'yan. Maaari ka naman kasing maging isang miyembro ng iglesya at nakagagawa ng iba't ibang bagay, pero hindi ka maaaring maging isang Cristiano at nakagagawa ng ganyang mga bagay.

145 Gaya nga ng sinabi ko, kaninang umaga, "Ang matandang uwak, kung may matatawag na mapagpanggap, itong uwak na 'yun." Siyanga. Naroon siya at ang kalapati sa loob ng iisang daong, naroon kapwa sa iisang padapuan. At tuwang-tuwa ang matandang uwak noong siya'y pakawalan, at makalabas siya ng Iglesyang 'yun, dahil nakalabas na rin siya at makadadapo sa isang patay na katawan at "hihiyaw, hihiyaw," at kakainan ang bangkay na *iyon*, kakainan ang kabayo, at kakainan ang baka, at kahit na anu-ano pa ang naroon, tuwang-tuwa siya. Subalit noong pakawalan ni Noe 'yung kalapati, wala itong masumpungang mapagpapahingahan ng padapuan ng kanyang mga paa. Wala namang makapipigil sa kanya sakaling dumapo siya sa patay na hayop gaya nung ginawa ng uwak, subalit sadyang dalawang magkaibang kalikasan ang naroon. Ang isa sa kanila, kalapati nga, simula't sapul. Ito namang isa'y uwak, simula't sapul.

146 Hayan nga't, kung mapapansin n'yo, makadadapo 'yung matandang uwak dito sa isang patay na hayop at kakain doon, nang kalahating araw. Ang kalapati nama'y paroroon sa isang taniman ng trigo at kakain doon, nang kalahating araw. Tapos 'yung uwak ay maaari ngang lumipad sa dakong 'yun at kakain ng pagkain ng kalapati, hanggang naisin nito. Magagawa nga niyang busugin ang sarili sa trigo gaya nung uwak, o, nung kalapati pala. Hayan nga't siya, ang uwak, magagawa niyang kumain ng pagkain ng kalapati, pero hindi magagawang kainin ng kalapati ang pagkain ng uwak. Siyanga.

147 Kaya, magagawa nga ng isang matandang mapagpanggap ang makadalo sa simbahan, at magalak at sumigaw at magpuri sa Panginoon, at paglabas doon ay magpakasasa sa mga bagay ng sanlibutan. Subalit hindi magagawa ng isang Cristianong naipanganak nang muli ang ganyan, sapagkat pinipigilan siya ng pag-ibig ng Diyos sa puntong hindi niya maaatim na gawin 'yun.

148 Kaya kung kayo'y isang Cristiano lang kung ituring dahil sa pakikianib sa iglesya, at hindi n'yo na nagagawa ang *ganito* at *ganoon*, pero nariyan pa rin sa inyo ang dating pagnanasa, kinakailangan n'yo ngang mailubog muli. Ganoon nga dapat.

149 At kayo mga kababaihan na kung manamit ay kay iiksi ng shorts, at palakad-lakad kayo sa lansangan, at tapos sasabihin n'yong "mananampalataya" kayo. Mananampalataya nga kayo marahil, pero kayo'y masamang halimbawa, ganoon nga. Kung talagang nasa puso n'yo si Cristo, hindi n'yo maiisip ang gawin

ang ganoong klaseng bagay. Wala akong pakialam anuman ang gawin ng ibang kababaihan, at gawin man ’yan ng maraming kababaihan, dapat kayong maging iba, dahil mahal na mahal n’yo si Cristo.

150 Nakausap ko ang isang babae noong isang araw, sa bahay niya, at itinaas niya ang mga kamay niya na parang sinasabing *sandali*, sabi, “Rev. Branham, pasensya na sa bihis ko, dito sa bahay ko. Palakad-lakad pa naman ako.”

151 Sa isip-isip ko, “Mahiya ka naman.” Ano naman kung nasa bahay ka, wala akong pakialam kung nasaan ka man. Siyanga. Manamit ka at kumilos ka nang naaayon sa isang babae, gaya ng dapat na ikinikilos ng isang binibini. Mahiya ka naman. Subalit sa tuwina kayo’y. . .Hayan nga’t, ang sabi ng Biblia, “Kung iniibig ninyo ang ganyang mga bagay, ang mga bagay na nasa sanlibutan, ay wala sa inyo ang pag-ibig ni Cristo.” At kung totoo ngang iniibig n’yo ang Panginoon, nang sadyang buong puso n’yo, nang buong kaluluwa n’yo, nang buong diwa n’yo, lalayuan n’yong talaga ang mga marurumi’t, masasamang bagay na ’yan. Siyanga.

152 At sa inyo mga diyakono, at sa iba pang narito, na kapag naglalakad sa kalsada, ay halos humaba ang mga leeg n’yo sa katitingin sa bawat babae riyan. Mahiya naman kayo; hayan nga’t itinuturing n’yo pa naman ang mga sarili n’yong “mga anak na lalaki ng Diyos.” Alam kong nakapapaso ang sinabi ko, pero mas mainam nang mapaso kayo kaysa masunog kayo roon magpakailanman. Kaya kung nagagawa n’yo ang gayong mga bagay. . .Ngayon, siguro’y hindi n’yo maiwasan ang gayon na may babaing maglalakad sa kalsada, na halos hayag na hayag manamit. Hayan nga’t, kung titingnan n’yo, ay makikita n’yo siyang talaga, pero maaari n’yo namang ibaling ang ulo n’yo. Sabi ng Biblia, “Ang sinumang tumingin sa isang babae na taglay ang pagnanasa, ay nagkasala na ng pangangalunya sa iyong puso.”

153 Hayaan n’yong sabihin ko sa inyo ang isang bagay, mahal naming kapatid na babae, pananagutan n’yo talaga ’yan. Hindi na mahalaga, kung sindalisay pa kayo ng isang bulaklak na lila. Siguro’y hindi n’yo nga maaatim na gawin ang ganoong uri ng, kaimoral na kasalanan, sa buhay n’yo. Subalit kung ganyan kayo manamit, mananagot kayo sa Paghatol sa salang pangangalunya sa bawat lalaking tumingin sa inyo. Sinabi nga ’yan ng Biblia. At kung lalakad nga kayo sa lansangang ganyan ang suot, sino ang nagkakasala, ang lalaki ba? Hindi, po. Kayo. Inilalantad n’yo kasi ang sarili n’yo.

154 May nakalaan ngang isang dakilang dako para sa babae. Isa itong sagrado, kalugod-lugod, at kahanga-hangang dako. Subalit kinakailangan niyang panatilihin ang kanyang sarili sa kalagayang ’yun, na hindi pinababayaan ang tungkulin na

nakaatang sa kanya, bilang isang ina, bilang isang babae sa kalagayan ng pagiging babae. Kapag nasira ang kalagayang ito ng pagiging babae, ang gulugod ng anupamang bansa ay masisira. At 'yan ang dahilan, kung bakit sa panahong ito, ang ating bansa'y humahantong sa pagkawasak, 'yan nga'y dahil sa imoral na ginagawa ng ating kababaihan. Ganoon nga mismo. Hayan nga. Ang kabulukang 'yan sa pagitan natin, ang dahilan ng paghantong sa pagkawasak.

155 Ang kailangan n'yo nga'y katagpuin n'yong minsan pa si Melquisedec. Amen. Hayaan Siyang—hayaan Siyang pagpalain kayo at ibigay sa inyo ang alak, at tinapay, Buhay na Walang Hanggan. Hayan nga't mababago ang pananaw n'yo sa mga bagay-bagay. Hayan nga't. . .mababago nga. Hindi n'yo na gugustuhin pang sutsutan kayo ng mga kalalakihan na. . .na akala mo koyoteng sumusutsot sa inyo, lobong sumusutsot, o anumang sumusutsot. Hindi n'yo na gugustuhin pa. Binago na kayo.

156 At ang gusto n'yo bang sabihin sa akin ay nagdadamit kayo nang ganyan, at lalabas doon, dahil may iba pang dahilan? Sinasabi n'yo, "Kasi, mas presko kapag ganito." Nagpapalusot lang kayo. Hindi totoong mas presko. Siyensiya na mismo ang nagsabing hindi totoong mas presko. Isa 'yang. . .Isa 'yang pita ng laman na sumainyo, kapatid na babae. Hindi n'yo lang ito namamalayan. Hindi ko sinasabi ito para saktan kayo, kundi sinasabi ko ito para balaan kayo. Marami ngang mabubuting kababaihan, na talaga namang malilinis, mabuting munting binibini talaga, ang lumalabas na nakasuot ng ganyang klaseng mga kasuotan, sa lansangan, na walang kamalay-malay sa nagagawa niya, dahil sa takot ng kung sinong nag-backslide na mangangaral na baka kasi hindi na magbayad ng ikapu ang asawang lalaki sa simbahan. Kung talagang nakatagpo ng naturang mangangaral na ito si Melquisedec, hindi niya iisipin ang ganoong mga bagay. Ipangangaral niya ang Ebanghelyo. Mistula mang matuklap ang mga likod ng mga tagapakinig dahil sa pasong matatamo, ipangangaral niya pa rin Ito, kahit ano pang mangyari. Ganoon nga mismo.

157 Nagagawa n'yo 'yan, at nagagawa n'yo dahil nariyan ang espiritu ng kahalayan. At kayong kalalakihan na hinahayaan ang asawa ninyong gawin ang ganyang mga bagay, hindi ako naniniwalang kaya n'yong magpakalalaki. Siyanga. Siyanga. Ngayon, hindi 'yan ang gusto n'yong marinig, dahil, hayan nga't, ni hindi ko babawiin ang sinabi ko, dahil, totoo naman. Ang sinumang lalaking hahayaan ang asawa niyang lumabas sa lansangan at ganyan ang ginagawa, kapatid, dapat nga siguro'y ikaw ang magsuot ng damit *niyang* 'yan. Ganoon nga. Ikaw dapat, aba, naku!

158 Hindi ko sinasabing ligtas na ang asawa ko sa paggawa ng bagay na 'yan. Subalit hahantong muna ako sa pagbabago at

pagkabaluktot, mula sa kung ano ako ngayon, kung gusto kong mamuhay kasama niya habang ganyan ang ginagawa niya. At ganoon talaga ang mangyayari.

Ang mga anak kong babae, maaari ngang magawa nila ang bagay na 'yan kapag nagdalaga na sila. Hindi ko sinasabing ligtas na sila sa paggawa n'yan. Hindi ko alam. Nakasalalay na 'yan sa awa ng Diyos. Umaasa akong hindi nila gagawin. Kung gawin nga nila, yuyurakan nila ang mga panalangin ng isang matuwid na tatay. Yuyurakan nila ang buhay nitong isang nagsisikap na mamuhay nang tama, kung gagawin nila 'yan. Siyanga. Subalit mas nanaisin kong mamuhay nang tama, magturo ng tama, manatili sa tama, at maturuan sila ng tama. Kung magawa nga nila ang bagay na 'yan, dadagundong sila patungong impiyerno, habang niyuyurakan ang mga pangaral ko, niyuyurakan ang aking Cristo, niyuyurakan ang aking mga babala, siyanga, kung gawin nga nila 'yan. Tunay. Siyanga.

159 Mahiya nga kayo. Kung makakatagpo n'yo si Cristo, nang harapan, at pagpapalain Niya kayo, at tatatakan kayo ng halik ng pagpapatibay sa inyong puso, wala nang diyablong mula roon sa impiyerno ang makapagpapasuot pa n'yan sa inyo uli. Siyanga. Nabago na kayo mula kamatayan patungong Buhay, at nakalagak na ang inyong mga pag-iisip sa mga bagay na nangasa itaas at hindi na sa mga bagay na nangasa lupa. Amen. Siguro'y hanggang dito na lang ang paksang 'yan. Maselan nga ito. Hayan nga. Subalit ito ang Katotohanan.

160 Sige, magpatuloy pa tayo, at dadako na tayo sa pagtatapos.

> *. . .katotohanan ang mga sa anak ni Levi,. . .na nagsisitanggap ng* ikapu ng *katungkulang saserdote,* at *mayroong utos na kumuha ng* ikasampung bahagi *sa bayan ayon sa kautusan, sa makatuwid, ay sa kanilang mga kapatid, bagama't ang mga ito ay* nagsilabas *sa mga balakang ni Abraham:*
>
> *Nguni't yaong ang talaan ng lahi ay hindi ibinibilang sa kanila* na *kumuha ng ikasangpung bahagi kay Abraham, at pinagpala* niyaong *may* pangako.
>
> *Datapuwa't* sa *anomang* mga pagtatalo *ang mababa ay pinagpapala ng mataas.*
>
> *At dito'y ang mga taong may kamatayan ay tumatanggap ng ikasangpung bahagi; datapuwa't* dito *ay ang isa, na pinatutunayang nabubuhay.* At sa . . .
>
> *At sa makatuwid. . .baga'y, pati si Levi,. . .*na tumanggap ng ikasampung bahagi, na tumanggap *ng ikasangpung bahagi, ay nagbayad ng ikasangpung bahagi sa pamamagitan ni Abraham.*
>
> *Sapagka't siya'y nasa mga balakang pa ng kaniyang ama, nang ito'y salubungin ni Melquisedec.*

161 Ang inyong—inyong inuugali hinggil kay Cristo ay mag-iiwan ng malaking marka sa kung ano ang kahihinatnan ng inyong mga anak. Ang buhay na ipinamumuhay n'yo sa harap ng sambahayan n'yo ay mag-iiwan ng marka sa kung anong kahihinatnan ng inyong mga anak. Sapagkat, sinabi ng Biblia, na, "Kanyang dadalawin ang kasamaan ng mga magulang sa mga anak sa ikatlo at ikaapat na salin ng lahi."

162 Ngayon, pansumandali lamang po, bago tayo magtapos.

> At ngayon kung *may kasakdalan nga* (hayan nga't binanggit muli ang kasakdalan) *sa pamamagitan ng pagkasaserdote ng mga Levita, (sapagka't sa ilalim nito ay tinanggap ng bayan ang kautusan,) anong kailangan pa* na dumating. . .*magbangon ang ibang saserdote ayon sa pagkasaserdote ni Melquisedec, at hindi ibilang ayon sa pagkasaserdote ni Aaron?*

163 Ang kautusan, ang pagiging legalista, kita n'yo, "Oh, dapat mong gawin *ito*, kung hindi mo *ito* gagawin, hindi ka Cristiano. Kung hindi mo ipangilin ang sabbath! Kung hindi mo. . .Kung kakain ka ng karne! Kung gagawin mo ang mga *ganitong* bagay!" Pagiging legalista ang lahat ng ito. "At kinakailangan mong magsimba. Kung hindi, magbabayad ka ng multa para riyan. Kailangan mong magpanobena." Walang kabuluhan ang mga bagay na 'yan. Kayo'y naligtas sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, sa pamamagitan ng paunang kaalaman ng Diyos, sa pamamagitan ng Kanyang pagtatalaga. Tinawag ng Diyos si Abraham sa pamamagitan ng pagtatalaga, sa pamamagitan ng paunang kaalaman. Tinawag Niya. Kinapootan Niya si Esau, at inibig si Jacob, bago pa man maipanganak ang kahit sino sa dalawa. Siyanga. Ang—ang paunang kaalaman 'yan ng Diyos na nakakaalam ng mga bagay na ito.

164 Sasabihin n'yo ngayon, "Kung gayon para saan pa ang pangangaral ng Ebanghelyo?"

165 Heto't sasabihin ko sa inyo, ito. Sinagot 'yan ni Pablo, o ni Jesus, pala. Hayan si Jesus. Sabi Niya, "Tulad din naman ang Kaharian ng Langit sa isang lalaki na nagtungo dun, sa isang—isang tubigan o isang lawa, at naghulog ng lambat. Pagkahila niya. Sa katipunan nun, nakahuli siya ng mga pawikan. Nakahuli siya ng mga pagong. Nakahuli siya ng mga ahas. Nakahuli siya ng mga bayawak. Nakahuli siya ng mga palaka. Nakahuli siya ng mga gagamba. Nakahuli siya ng mga hayop na nanginginain ng bulok. Nakahuli siya—nakahuli siya ng mga isda." Ngayon, hinuhulog lang nung lalaki 'yung lambat niya roon.

166 Katulad nga 'yan ng Ebanghelyo. Parang ganito kasi 'yan, ipangangaral ko ang Ebanghelyo. Inihuhulog ko lang dun ang lambat. Hihilain ko ito, sasabihin ko, "Ang lahat ng may ibig, sinuman kayo, lumapit kayo." Hayan nga't magsisilapit ang ilan,

sa altar. Papalibot sila ritong lahat sa altar. Mananalangin sila. Hahagulgol sila. Hindi ko nakikilala ang bawat isa. Hindi ko na 'yun gawain. Hindi ako isinugo para humatol.

167 Subalit, may ilan doong napasama na mga palaka. May ilan na mga bayawak. May ilan na mga ahas. May, ilan, na mga pagong. At may ilan ding mga isda. Hindi ko na gawain ang humatol. Sasabihin ko, "Ama, narito na ang mga nahila ko."

168 Ngunit, ang palaka ay palaka na, sa umpisa pa lang.

169 Ang gagamba, 'yung matandang gagamba nama'y mauupo roon at magpapalinga-linga, nang ilang sandali, paiikutin niya 'yung mga naglalakihang mata niya, magpapalinga-linga roon, sasabihin, "Alam mo kung ano? Hindi ko na Ito kayang tagalan pa." Tong, tong, tong, tong, sabay labas.

170 Yung matandang binibining ahas nama'y itataas niya ang kanyang ulo, at sasabihin, "Buweno, alam mo kung ano? Kung mangangaral sila ng ganyan, laban sa pagsusuot ng shorts at ganoong mga bagay, aalis na ako rito. Hayan nga't lalayuan ko na itong grupo ng mga holy-roller na 'yan. Hanggang dito na lang ako." Ahas ka na kasi sa simula pa lang. Ganun nga iyon mismo. Oo.

171 Tapos dito nama'y nakaupo itong isang matandang ginoong palakang kokak, subo-subo ang isang malaking sigarilyo, na akala mo tuloy torong Texas na tinanggalan ng pang-suwag, tatayo sa banda roon at titingin-tingin sa paligid, sasabihin, "Buweno, hindi naman ako apektado mangaral man sila laban sa paninigarilyo. Makaalis na nga lang dito, ngayon din." Buweno, matandang palaka, ka na kasi, sa umpisa pa lang. Ganun na nga mismo. Ganun na nga mismo.

172 Patutunayan nga ng kalikasan mo kung ano kang talaga. Makikita 'yan sa buhay mo, ipakikita talaga kung ano ka, at kung ano ka simula't sapul. Hindi mahirap para sa akin na makita 'yan. Hindi mahirap para sa inyo na makita 'yan.

173 Kung pupunta nga ako roon kina Roy Slaughter na isang magsasaka na nakaupo rito ngayon, at makakakita ako ng mga baboy na nakalublob sa tumpok ng dumi ng hayop, kinakain 'yung mga dumi, hindi ko iisiping may kakaiba roon. Alagang baboy kasi 'yun. Pero kung makakita ako ng isang tupa na nakalublob sa tumpok ng duming naroon, mapapaisip ako. Uh-huh. Kita n'yo? Pero huwag kayong mag-alala, hindi n'yo siya makikita roon. Hindi niya kasi maaatim na malublob doon. Siyanga.

174 Hayan nga't ang isang taong naipanganak ng Espiritu ng Diyos ay namumuhi sa mga bagay ng sanlibutan. Tama 'yun, "Sapagkat kung iniibig ninyo ang sanlibutan o ang mga bagay ng sanlibutan, ay wala sa inyo ang pag-ibig ng Diyos."

175 Kung pupuslit akong iba't ibang babae ang kasama araw-araw, at sa pag-uwi ko, sasabihin ko sa maybahay ko na mahal na mahal ko siya, talastas nga niyang isa akong sinungaling. Mas malakas kasi mangusap ang aking kilos kaysa sa aking pananalita. Ganoon nga. Pinatutunayan ko lang sa kanyang hindi ko talaga siya mahal, dahil hindi ako tapat sa kanya.

176 Sabihin man niya sa aking mahal na mahal niya ako, pero sa tuwing wala ako, pupuslit siyang kasama ang iba, patunay lang 'yan na hindi niya talaga ako mahal. Tama. Patutunayan nga 'yun ng kilos niya. Walang halaga sa akin sabihin man niya sa akin lagi na, "Bill, mahal kita, at wala akong iba sa mundo kundi ikaw lang," dahil talastas kong isa siyang sinungaling.

177 At kung sasabihin n'yo nga, "Panginoon, mahal Kita," pero ang gawa n'yo ay sa mga bagay ng sanlibutan, talastas nga ng Diyos na isa ka ngang sinungaling, simula't sapul. Kaya bakit? Anong saysay ng inyong pagtanggap sa isang karanasang hindi buo, at sa mga bagay-bagay na gaya n'yan, gayong nariyan ang dakilang kalawakan ng Langit na punung-puno nitong bagay na totoo? Bakit nanaisin n'yo pang maging salat, mapagkunwa, hindi buo, hilaw, na Cristiano lang sa pangalan? Samantalang, maaari naman kayong maging totoong naipanganak nang muli na anak ng Diyos, na sa puso'y tumutugtog ang mga kampana ng kagalakan ng Langit, nagagalak, at nagpupuri sa Diyos, at namumuhay ng isang buhay na matagumpay sa pamamagitan ni Jesus Cristo.

178 Hindi rin 'yung sinisikap n'yong gawin ito sa sarili n'yong kakayahan, sapagkat mabibigo lang kayo, sa umpisa pa lang. Ang dapat nga'y sampalatayanan n'yo Siya, Salita Niya Ito, at sumandig sa sinabi Niyang Katotohanan. At sampalatayanan n'yo Siya, at ibigin Siya, at Kanyang pagaganahin ang lahat ng tama na manatiling tama sa inyo. Ganoon nga. Ganoon nga ang dapat.

179 Pagpalain kayo ng Panginoon. Ayaw ko sanang pagsabihan kayo, subalit, kapatid, napakainam din namang mapagsabihan kayo ng may diin kahit kaunti. Kayo'y maliliit kong mga anak. Kita n'yo? At kahit sino namang tatay na mahal na mahal ang kanyang mga anak ay pihadong itutuwid sila, kundi ay hindi siya ang nararapat na klase ng tatay. Tama po ba? Siyanga. At isa lang naman ang alituntunin ng tatay na ito, at 'yun ay ang alituntunin ng tahanan. At may iisang alituntunin lamang ang Diyos, at 'yun ay ang Kanyang Salita.

180 Kung sinasampalatayanan natin ang Kanyang Salita, dapat nga tayong mamuhay nang naaayon sa Kanyang Salita. Tungkulin natin ito, kung totoong nakatagpo na natin ang Diyos. Hindi nga dahil masasabi mong, "Buweno, nagsisimba naman ako, at nagagawa ko ang *ganito*." Ibig sabihin lang salat kayo. Huwag kayong maging ganoon. Bakit n'yo nanaisin

pang maging salat, mahina, makasalanang uwak, gayong maaari naman kayong maging isang kalapati? Siyanga. Kinakailangan lang n'yong mabago ang kalikasan n'yo. At kapag nabago na ang kalikasan n'yo, magiging anak na lalaki at anak na babae kayo ng Diyos, taglay ang kapayapaan ng Diyos.

181 Si Jesus! "Kaya naman si Jesus, upang mapaging banal Niya sa pamamagitan ng Kanyang Sariling Dugo ang bayan, ay nagbata sa labas ng mga pintuan," Mga Hebreo 13:12 at 13. Mga Taga Roma 5:1, "Yaman nga na mga inaring-ganap sa pananampalataya," hindi sa pamamagitan ng pakikipagkamay, hindi sa pagbabautismo sa tubig, hindi sa pagpapatong ng mga kamay, hindi sa pagsigaw-sigaw, hindi sa pagsasalita ng iba't ibang wika, hindi sa kung anu-anong sensasyon. "Kundi mga inaring-ganap sa pananampalataya, mayroon tayong kapayapaan sa Diyos sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesus Cristo." Lumipat na tayo sa Buhay mula sa kamatayan, at naging mga bagong nilalang na, sapagkat nanampalataya tayo sa bugtong na Anak ng Diyos, at tinanggap Siya bilang sarili nating Tagapagligtas. At ang Dugo Niya ang kumikilos, ngayong gabi, bilang kabayaran sa ating kasalanan, upang humalili sa ating lugar.

182 Sa Lumang Tipan, may iisa lang dako kung saan maaring magkaroon ng pakikisama, 'yun ay sa ilalim ng dugo. Bawat mananampalataya ay kinakailangang dumulog sa ilalim ng dugo. Kapag napatay na ang mapulang guyang bakang babae, siya'y gagawing handog para sa kasalanan. Dapat na mapula nga siya. Nasa ika-19 na kabanata 'yan ng Exodo, kung may nais sa inyong mabasa 'yan. At dadalhin siyang buo roon, paa, lahat-lahat, susunugin siyang buo roon. At pagkatapos 'yun ay magiging tubig ng paghihiwalay. Ilalagay 'yun sa labas ng pintuang-bayan. Kinakailangang malinis na kamay ang humawak doon. Ang dugo ng guyang bakang babae ay ilalagay sa dakong harap . . . ng kongregasyon, at ipapahid nang pitong beses sa itaas ng pintuan. At pagkatapos, bawat maruming tao na dudulog doon, ay dapat munang kilalanin at tingnan ang dugong naroon, at kilalaning sa ilalim ng dugo lamang ang tanging pakikisama. Iyon lamang ang tanging lugar kung saan ang mananamba ay totoong makakapanamba, doon lamang sa ilalim ng dugo.

183 Pagkatapos, ang unang bagay na kinailangan gawin ng tao, bago siya makadulog sa ilalim ng dugo, kinakailangan ngang iwisik sa kanya ang tubig ng paghihiwalay, upang ang marumi ay papaging malinis.

184 At kukunin nila 'yung tubig ng paghihiwalay at iwiwisik 'yun sa manlalakbay, at ihihiwalay siya nun sa mga kasalanan niya. At pagkatapos siya'y lalakad sa ilalim ng pitong pahid ng dugo roon, at magkakaroon na siya ng pakikisama sa iba pang mga mananampalataya sa Presensya ng Diyos.

185 May bukod tangi ngang paraan upang magawa ito. Hindi ang pakikipagkamay, hindi ang pakikianib sa iglesya, hindi nga sa pamamagitan ng pagbabautismo, hindi sa pamamagitan ng kung anu-anong mga emosyon; kundi sa paglakad sa mga tubig ng paghihiwalay, pagpapatong ng inyong mga kamay, nang may pananampalataya, sa ulo ni Jesus, at pagsasabing, "Isa akong makasalanan, at namatay Ka imbis na ako. At may kung anong Bagay sa kaloob-looban ko ang nagsasabi sa aking magagawa Mo akong patawarin sa aking mga pagkakasala, at hayan nga't tinatanggap Kita bilang sarili kong Tagapagligtas sa mga oras na ito." Lalakad dun sa ilalim ng Dugo, sa tanging dakong iyon, at makipagbuklod sa mga anak ng Diyos. Ganoon dapat. Kakain ng tinapay, iinom ng alak, at makipagbuklod kasama ng iglesya.

186 Oh, hindi ba't Siya'y kamangha-manghang talaga? Hindi ba't Siya'y napakabuti talaga? Ngayon, maaaring tila kakaiba ito sa inyo, kaibigan. Subalit ano—ano pa't tatayo ako rito at sasabihin ang mga bagay na ito? Sinasabi ko ba ito para masabi lang na natatangi ako sa ibang tao? Kung ganoon lang, dapat nga akong dumulog sa pagsisisi. Sinasabi ko po Ito dahil Diyos ang nagsabi Nito, dahil nga sa Ito ang Salita ng Diyos. At hayan nga. Darating ang isang panahon, at heto na 'yan ngayon, na magsisipagpuntahan ang mga tao buhat sa silangan patungong kanluran, sinisikap na hanapin ang Salita ng Diyos, pero hindi nila Ito masumpungan.

187 Kapag dumadalo nga kayo sa mga pagtitipon, ang unang-unang bubungad sa inyo, pagpasok n'yo roon ay nagsisipagsalita sila ng iba't ibang wika at ipaliliwanag nila 'yun, pagkatapos may tatayo roon at paulit-ulit na bibigkasin ang Kasulatan; at karnal nga 'yan. Walang pasubali. Sinabi nga ng Diyos sa atin na "huwag ninyong gamitin ang walang kabuluhang paulit-ulit," hindi ba't 'yan ang sinabi Niya? Minsan man Niyang naisulat Ito, paniwalaan n'yo Ito. Hindi na Niya kailangang ulit-ulitin pa ang pagsabi Rito. Mainam naman ang pagsasalita ng iba't ibang wika at ipapaliwanag pagkatapos, pero dapat sana'y isa itong direktang mensahe sa iglesya at sa sinumang pinatutungkulan, hindi 'yung karnal lang na paganoon-ganoon at kung anu-ano pa. Hayan nga't pagkatapos naman nun kung anu-ano na ang pinag-gagagawa ninyo.

188 Hayan nga't nitong isang araw, dalawang kalalakihan ang nagpunta sa . . . at 'yung isang lalaki kasama niya ang asawa niyang babae, at 'yung isa rin kasama niya ang asawa niyang babae, mga bata pang mag-asawa, nagtungo sila sa isang lugar, upang pumunta sa Aprika para makapag-misyon. May tumayo nga noon at nagbigay ng propesiya, at nagsalita sa iba't ibang wika at ipinaliwanag pagkatapos, sabi, "Nagkapalit sila ng asawa." Sabi, "Hindi dapat manatiling ganun. Nagkamali sila ng napakasalan." Kaya nakipaghiwalay ang dalawang 'yun at nag-asawa uli, nang panibago. Pinakasalan nung isang lalaki 'yung

asawa nung isa, nung isang lalaki, nangyari ngang 'yan sa isang batikang denominasyong Pentecostal, at nagpunta pa ng Aprika para makapag-misyon.

189 Kapatid, kapag nanumpa ka, nakatali na kayo sa tungkulin ng sinumpaang 'yan hanggang sa palayain kayo ng kamatayan. Ganoon nga mismo. Siyanga. Kapag nanumpa kayo, nakatali na kayo roon.

190 Ang lahat ng, walang kabuluhang 'yan! Hayan nga't humantong na tuloy sa kalagayang kapag dadalo kayo sa mga panambahan, napakalamig dun at pormal at walang kabuhay-buhay, na anupa't sa espirituwal na termometro ay limampung baitang na mas mababa sa zero. Paupo-upo ang mga nagsidalo roon na gaya ng lamog sa pipino, ganoong kaasim at kalamig at kapangit ang itsura. At kung may marinig nga kayo, doon sa isang sulok, na medyo magsabi lang ng "amen," nang panaka-naka, para bang agrabyado sila rito, lahat sila roon ay halos magkanda-haba ang mga leeg na parang gansa, magpapalinga-linga, pakikiramdaman kung ano bang nangyari. Alam n'yong katotohanan 'yun. Hindi ko sinasabi ito para magpatawa. Hindi ito lugar para magpatawa. Totoo ngang lahat ito. Tama. Sinasabi ko ang bagay na ito dahil ito ang Katotohanang naroon sa Ebanghelyo.

191 At doon sa kabilang panig nga, napakarami nga roong mga bagay-bagay na wala namang kabuluhan ng kung anu-anong emosyong panlaman na patuloy na umuusbong, na hanggang sa ang tunay na Salita ng Diyos ay humantong na sa puntong madalang mo na lang Itong maririnig: itong lumang gitna-ng-lansangan, ang Ebanghelyo, ang Tanglaw sa aking dinaraanan, hallelujah, ang Dugo ng Kordero, ang pag-ibig ng Diyos na naghihiwalay sa atin sa mga bagay ng sanlibutan.

192 "Nakapagsalita ka na ba ng iba't ibang wika, kapatid? Hindi mo pa Ito taglay. Naranasan mo na bang makasigaw hanggang sa maramdaman mong may kung anong malamig na gumagapang sa likod mo? Nakakita ka na ba ng mga bolang apoy?" Oh, mga walang kabuluhan! Walang ganoon.

193 Nakasampalataya na ba kayo sa Panginoong Jesus Cristo at natanggap n'yo na ba Siya bilang sarili n'yong Tagapagligtas? At ang Espiritu ng Diyos ba'y nakapagpapatotoo na sa inyong espiritu, na kayo ay mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos. At ang buhay n'yo ba'y namumunga na ng bunga ng pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kabutihan, kaamuan, kagandahang-loob. Kung gayon kayo'y Cristiano na ngang talaga. Kung hindi, wala akong pakialam anuman 'yang nagagawa ninyo.

Sinabi ni Pablo, "Ibigay ko man ang aking katawan upang sunugin bilang hain. Malaman ko man ang lahat ng mga hiwaga ng Diyos. Mapalipat ko man ang mga bundok sa pamamagitan

ng pananampalataya. Magsalita man ako ng mga wika ng mga tao at mga Anghel. Wala akong kabuluhan." Papaano nga 'yan? Unang Mga Taga Corinto 13; alamin n'yo nga riyan kung tama ba Ito o hindi.

194 Ngayon alamin n'yo nga riyan kung—kung nariyan sa Mga Taga Corinto, Ikalawang Mga Taga Corinto 13, sa pagkakaalala ko. O, buweno, sa Una o sa Ikalawalang Mga Taga Corinto. Sa Unang Mga Taga Corinto, Unang Mga Taga Corinto 13, kung tama nga. "Kung ako'y magsalita ng mga wika ng mga tao at ng mga Anghel, sa dalawa ngang 'yan ay 'yung isa kayang ipaliwanag at 'yung isa hindi kayang ipaliwanag, ay wala akong kabuluhan." Kaya para saan pa't magbibiruan tayo, sa bagay na ito?

195 "Kung malaman ko man ang lahat ng mga hiwaga ng Diyos." Bakit pa n'yo kailangang pumunta sa mga seminaryo at susubukang magpakadalubhasang maigi? Mas mainam kung itatama n'yo ang sarili n'yo sa Diyos, muna. Siyanga. "Kung ako'y, 'Oh, mapagpalang hallelujah!'"

196 Hayan nga't ginagawa n'yo 'yan kasi hindi ka raw maaring magkaroon ng sarili n'yong kongregasyon kung wala kayong malakihang gawain ng pagpapagaling o pagpapamalas ng iba't ibang himala. "Ang isang lahing mahina at mapangalunya ay humahanap ng ganoon." Ano bang papakinabangan n'yo riyan?

197 Sinabi nga ni Pablo na magawa man niya ang lahat ng iba't ibang bagay, palipatin man ang mga bundok, ay wala pa rin siyang kabuluhan. "Kahit maging mga wika, ay titigil. Kahit maging kaalaman, ay mawawala. Kahit maging mga propesiya, ay mangatatapos. Datapuwat kung dumating ang sakdal, ito'y mananatili magpakailanman," at ang pag-ibig ay kasakdalan. "Gayon na lamang ang pagsinta ng Diyos sa sanlibutan, na ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak." Upang, "Ang sinuman bang kiligin, sinuman bang manginig, sinuman bang magsalita, ano bang pagkasabi"? "Ang sinumang sa Kanya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng Buhay na Walang Hanggan." Sampalatayanan n'yo ito, mga anak.

198 Ginagawa nilang kumplikado, 'yung *ganitong* mga bagay at *ganoong* mga bagay. Gayong, tumutumbok naman ang lahat sa iisang bagay: ang personal ninyong pananampalataya sa Diyos. Ganoon nga. Doon tumutumbok. "Sapagkat sa pamamagitan ng pananampalataya," hindi sa pamamagitan ng pakiramdam. "Sa pamamagitan ng pananampalataya," hindi sa emosyon. "Sa pamamagitan ng pananampalataya," hindi sa sensasyon. "Kundi sa pamamagitan ng pananampalataya kayo'y nangaligtas; at sa pamamagitan ng . . . " Paghahanap n'yo ba sa Panginoon? Dahil sa mabuti kayong tao? Sa pamamagitan nga na, "Ang Diyos, sa

biyaya, ay nakilala na kayo nang una at itinalaga na kayo sa Buhay na Walang Hanggan."

199 Sinabi ni Jesus, "Walang taong makalalapit sa Akin maliban nang ang Ama ang sa kanya'y magdala sa kanya. At ang lahat ng lumalapit sa Akin, siya'y binibigyan Ko ng Walang Hanggang Buhay. At kailanma'y hindi sila aagawin ng sinuman sa Aking kamay. Sila'y Akin. Sila'y ligtas magpakailanman. Akin silang hawak. Hindi sila aagawin ng sinuman sa kamay ng Aking Ama, at Siya Yaong nagkaloob sa kanila sa Akin. Sila'y mga kaloob ng pag-ibig sa Akin."

200 "At lahat ng yaong mga nang una pa'y Kanyang nakilala, ay tinawag Niya." Hindi Niya tatawagin ang sinuman 'liban na nakilala Niya yaon nang una pa. "Ang lahat ng mga tinawag Niya, ay inaring-ganap Niya; ang lahat ng Kanyang inaring-ganap, ay niluwalhati Niya." Kaya, nakita n'yo, tayo'y nariyan na sa ganap na kapahingahan.

201 Ngayon, alam kong maraming legalista rito, siyamnapu't siyam na porsiyento sa inyo kung tutuusin. Subalit, tingnan n'yo, kung tatanggapin n'yo lang Ito at mapagkikilala n'yong hindi lang ito isang bagay na sinasabi-sabi ko lang sa inyo.

202 Kaso sasabihin n'yo, "Buweno, Kapatid na Branham, ang alam ko kasi sa mahabang panahon ay kinakailangan kong gawin ang *ganito* at kinakailangan kong gawin ang *ganoon*." May napakalaking—napakalaking pagkakaiba nun, kapatid, nung kung ano ang kinakailangan mong gawin at kung ano ang nais mong gawin. Nangaligtas kayo, hindi dahil may ginawa kayo para magkaganoon. Nangaligtas kayo dahil iniligtas na kayo ng Diyos bago pa man ang pagkatatag ng sanlibutan.

203 Pakinggan n'yo. Pakinggan n'yo ito. Sinabi ng Biblia, sa Apocalipsis. Dadalhin ko po kayo mula sa pinakauna hanggang sa pinakahuli ngayon. Sinabi ng Biblia, sa Apocalipsis, na, noong dumating ang hayop, dinaya nito ang lahat ng nangasa lupa. Dinaya nga sila ng hayop. "Dinaya nito ang lahat ng nangasa lupa, na ang kani-kanyang mga pangalan ay hindi nasusulat sa Aklat ng Buhay ng Kordero . . . " Buhat noong magkaroon ba ng rebaybal? Tama ba 'yun sa pakinig? Buweno, buhat ba noong ipangaral ng isang mangangaral ang isang makapangyarihang sermon? Buhat ba noong pagalingin ang isang lalaki? " . . . buhat nang itatag ang sanlibutan."

204 Saan ba pinatay si Jesus, sa Kalbaryo ba? Hindi, po. Si Jesus ay pinatay bago pa maitatag ang sanlibutan. "Narito ang Kordero ng Diyos, na pinatay bago pa maitatag ang sanlibutan." Ang Diyos, sa pasimula, noong makita Niya ang kasalanan, nakita Niya ang nangyari, binigkas Niya ang Salita. At pinatay si Jesus bago pa maitatag ang sanlibutan. At bawat tao na naligtas, ay naligtas, sabi nga sa Biblia, noong ang Kordero ay pinatay noon pa man sa kaisipan ng Diyos, bago pa maitatag ang

sanlibutan. Naibilang na kayo sa kaligtasan noon pa man. Kaya ano ang ginawa n'yo para Roon?

205 Diyos ang may gawa. Purihin ang Pangalan ng Panginoon! "Ang Diyos na gumagawa; hindi sa may ibig ni sa tumatakbo, kundi ang Diyos na naaawa."

Kung pinatay nga si Jesus bago maitatag ang sanlibutan, apat na libong taon ang ginugol bago pa 'yun talaga nangyari. Subalit noong sinalita ito ng Diyos bago pa man, bawat Salita nga ng Diyos ay tinatag na. Wala Itong pagbabago. Wala Itong pagkawasak. Wala Itong pagkabigo. At noong pinatay ng Diyos ang Anak bago pa maitatag ang sanlibutan, Siya'y talagang pinatay na roon gaya nung kung gaanong katotoong pinatay Siya sa Kalbaryo. Tinuturing na itong tapos, kapag Diyos ang nagsalita. At tandaan n'yo, noong pinatay ang Kordero, ibinilang na ang inyong kaligtasan doon sa hain, sapagkat sinabi ng Biblia na ang inyong pangalan ay "Nasusulat sa Aklat ng Buhay ng Kordero bago pa maitatag ang sanlibutan."

Ano ngang masasabi n'yo ngayon? Hayan nga't anupa't may magagawa ba tayo? Ang Diyos 'yan na naaawa. Ang Diyos 'yan na tumawag sa inyo. Ang Diyos ang pumili sa inyo kay Cristo bago pa maitatag ang sanlibutan. Sinabi ni Jesus, "Ako'y hindi ninyo kailanman—hindi ninyo kailanman pinili. Kayo'y pinili Ko. At nakilala ko na kayo, bago pa maitatag ang sanlibutan." Hayan nga.

206 Kaya, nakita n'yo na, inaalis n'yan ang takot sa inyo. "Oh, makakaya ko kayang kumapit pa nang mahigpit? Kakayanin ko 'yan, purihin ang Diyos, basta't kakapit lang ako rito nang mahigpit." Hindi po ito sa kung makakakakapit ba ako, o hindi. Ito'y sa kung kakapit ba Siya, o hindi. Ito'y sa kung ano—kung ano ang ginawa Niya, hindi sa kung anong nagawa ko. Ito'y sa kung ano ang ginawa Niya.

Ganyan nga sa batas ng pagtutubos. Ito ang munting bagay na nais kong sabihin bago tayo magtapos.

207 Paano kung minsan may isang matandang inahing kabayo ang magluluwal ng isang munting mola? Tapos parehong bakli ang mga tainga ng munting molang 'yun. Tapos duling siya, at piki, sakang. Tapos ang buntot niya'y tayong-tayo at nakaturo pa sa ere. Nakakatakot nga ng hitsura niya! Aba, kahit sino naman. . .Kung makakapag-isip lang 'yung munting molang 'yun, sasabihin nun, "Ngayon, teka nga muna. Kapag lumabas sila ng bahay ngayong umaga, sinasabi ko sa inyo, siguradong papaluin nila ako sa ulo. Dahil, hindi nila ako mapakain-kain. Tingnan n'yo nga't nakakatakot naman talaga ng hitsura ko. Ni hindi nga ako nagkaroon ng pagkakataon."

208 Buweno, tama naman 'yun. Hindi ka nagkaroon ng pagkakataon. "Buweno, isinilang ako sa mundong ito, ngunit tingnan n'yo nga't nakakatakot ng itsura ko. Kaya hindi

ako—ako—ako—ako magkakaroon ng pagkakataon. Hindi ako magtatagal. Hindi ako makakatagal." Kita n'yo?

209 Ngunit paano kung naturuang mainam ang kanyang nanay sa batas? Sasabihin ng nanay, "Anak, tama naman. Wala ka sa tamang hubog, at ni hindi ka din angkop kumain ng pagkain na galing sa lupa. Siyanga. Hindi ka angkop. Subalit, anak, balik-baliktarin man, ikaw ang panganay ko. At, alam mo ba, naipanganak ka sa ilalim ng pagkapanganay. At hindi na ikaw ang titingnan ng saserdote. Hayan nga't, para sa pangalan mo, may inosenteng kordero na walang dungis, ang nakatakdang mamatay sa lugar mo, upang mabuhay ka."

210 Buweno, ang munting mola ngang 'yun ay mapapatadyak nang husto at pihadong magpapakasaya nang mainam. Hindi kasi mahalaga kung ano man siya, dahil hindi naman siya ang titingnan ng hukom, ng saserdote. Ang kordero ang titingnan ng saserdote. Hindi ang mola; ang kordero!

211 At si Cristo ang tinitingnan ng Diyos, hindi kayo. Si Cristo. Kaya kung walang kapintasan sa Kanya, papaano pang may kapintasang makikita? Papaano nga Siya makasusumpong ng kapintasan, gayong nangamatay na kayo at ang buhay n'yo ay natatago na kay Cristo sa pamamagitan ng Diyos, natatakan na ng Banal na Espiritu? "Ang sinumang ipinanganak ng Diyos ay hindi nagkakasala, sapagkat hindi siya maaaring magkasala." Papaano nga siyang magkakasala gayong isang sakdal na hain ang nakalapag sa kanyang lugar? Hindi na ako ang tinitingnan ng Diyos, si Cristo na ang tinitingnan Niya, sapagkat tayo'y nakay Cristo.

212 Ngayon, kung iniibig ko talaga si Cristo, mabubuhay akong kasama Niya. Hindi Niya ako ibibilang 'liban na tiyak Siya. Kung iniligtas ako ng Diyos ngayon, samantalang maiwawaglit Niya ako anim na linggo mula ngayon, sinasalungat Niya ang Kanyang Sariling layon. Tama. Ibig sabihin baga'y hindi Niya nalalaman ang hinaharap kung ganun, kung ililigtas Niya ako, tapos ganoon. Para saan pa't iniligtas Niya ako, samantalang maiwawaglit rin Niya ako pagkatapos? Hindi gumagawa ang Diyos ng mga bagay, tapos babawiin din Niya makaraan ng dalawang linggo, sa tuwing tutupad sa Kanyang pangako. Kung iniligtas Niya kayo, ito'y panghabang panahon at mapasa Walang Hanggan.

213 Ngayon, maaari ngang mapukaw ang damdamin mo, at sasabihin mo, "Oh, siyanga, purihin ang Diyos! Hallelujah! Nakapagsalita ako ng iba't ibang wika. Nakasigaw ako. Nasa akin na. Hallelujah!" Hindi 'yan nangangahulugan na nasa iyo na Ito. Hayan nga't, kapatid, kapag bumaba na ang Bagay na ito *dito*, at umangkla ka na kay Cristo, ang mga bunga nga ng Espiritu ay lalakip na sa iyo. Tayo'y makapag-papatotoo, ang ating espiritu kasama ng Kanyang Espiritu, sasabihing tayo'y

mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos. Sikapin n'yong taglayin nga Iyon, mga kaibigan.

214 Hayan nga't buong magdamag man tayo rito, kayang-kaya kong makapangusap tungkol dito. Mahal na mahal ko talaga Ito. Mahal na mahal ko kayo. Babalik-balik po ako sa munting tabernakulo rito, muli't muli, kung ipahihintulot ng Diyos na magpatuloy pa ako sa buhay. Nais ko ngang makitang malalim na talaga ang inyong pagkakaugat at pagkakabaon sa banal na Pananampalatayang ito. Ayaw kong makitang nagpapahapay-hapay kayo kung saan-saan, tinatangay ng bawat hangin ng aral na nagdaraan, at liligligin kayong paalis, at kung anu-ano ang pinag-gagagawa, na nariyang may dugong dumadaloy raw sa kanilang mga kamay, o hamog na nagyeyelo raw sa kanilang mukha, o kung anu-ano pang gaya n'yan, at makakakita raw ng kung anu-anong mga—mga—mga ilaw sa harap nila, at kung anu-anong uri ng—ng bagay na inaangat ang sarili, na gaya nga ng sinabi ng Biblia, "Nagpalalo sa kanyang puso, samantalang wala namang nakita." Siyanga. Nais kong maging totoong matibay kayo sa Salita. Kung GANITO ANG SABI NG PANGINOON, manatili kayo Roon, mabuhay kayo Roon. Iyan ang Urim Thummim ng panahong ito. Nais nga ng Diyos na mabuhay kayo sa pamamagitan Niyan. Kung wala ito sa Salita, kung gayon ay kalimutan n'yo ang tungkol dun. Mabuhay kayo para sa Diyos, mabuhay kayo para kay Cristo.

215 At kung para bang nalilihis ang inyong puso, na alam n'yo ngang may kung anong nangyari, bumalik kayo sa altar at sabihin, "Cristo, ibalik Mo po sa akin . . . ang kagalakan ng aking kaligtasan. Ipagkaloob Mo pong muli sa akin ang pag-ibig na dati ko nang taglay. Unti-unti po itong kumakawala, Panginoon. May kung anong bagay po akong nagawa. Banalin Mo muli ako, sa aking pagtayo. Oh Panginoon, wala po akong magagawa. Hindi ko kayang ihinto *ito* at ihinto *iyon*. Umaasa ako sa Iyo na aalisin Mo ito sa akin, Panginoon, at Ikaw nga'y mahal na mahal kong talaga."

216 At pagkatapos sa iyong paglisan diyan sa altar, isa ka nang bagong tao kay Cristo Jesus. Hayan nga't di n'yo na kailangang umasa pa sa inyong iglesya, umasa pa sa inyong pari, umasa pa sa inyong pastor. Umaasa na kasi kayo sa nabuhos na Dugo ng Panginoong Jesus. "Sa biyaya kayo'y nangaligtas."

Manalangin tayo.

217 Panginoon, napakatigas na mga aral! Napapanahon na upang kumain ang munting iglesyang ito ng karne, at hindi na ng gatas ng Salita. Sobra-sobra na kami sa gatas ngayon, sa pagpapainom ng sanggol sa bote. Hayan nga't panahon na para kumain naman kami ng matigas na karne, sapagkat papalapit na nang papalapit ang araw. Higit na mapanganib na panahon ang naghihintay, at marami nang kaguluhan ang nag-aabang sa

daan. At alam naming hindi na kailanman bubuti pa ang mga panahon. Nalalaman naming nasa wakas na kami. Patuloy na sasama nang sasama ang mga panahon hanggang si Jesus ay dumating, gaya ng sabi sa mga Kasulatan.

218 Wala nga kaming anumang maipapangako sa kanila sa buhay na ito rito. Subalit sa darating na buhay, maipapangako nga namin sa kanila ang Buhay na Walang Hanggan sa pamamagitan ng Iyong Salita, kung sasampalataya lamang sila sa Anak ng Diyos at Siya'y tatanggapin bilang kabayaran nila, bilang Yaong Ngang humalili sa kanilang lugar, bilang Yaong kumuha ng kanilang mga kasalanan. Ipagkaloob Mo po ito ngayon.

219 Nawa'y yaong mga di-mananampalataya ay maging mga mananampalataya. Nawa'y yaong mga ang pakilala sa sarili'y miyembro ng iglesya, na narito ngayong gabi, na ang pakilala sa sarili'y kaanib lang sa relihiyon at ang buhay ay nakasalalay lang sa iglesya, matanggap nawa nila ang isang karanasan sa piling ng Diyos; na pumasok nawa sa kanilang puso ang dakilang pag-ibig, na mapapahagulgol sila dahil sa kanilang mga pagkakasala, mamamatay sa kanilang pagiging sila, at maipapanganak muli ng Espiritu Santo, at magiging maamo at mabait, mapagmahal, at punung-puno ng kagalakan at ng mga pagpapala. Mamumuhay ng isang buhay, na gaya ng asin na ang mga tao sa paligid nila, ay uhaw na uhaw na maging gaya nila. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon, sapagkat hinihiling po namin ito sa Kanyang Pangalan.

At habang nakayuko ang ating mga ulo.

220 Iniisip ko, sa gabing ito, kung mayroon po kayang naririto, ang magsasabi, "Kapatid na Branham, kung tutungtong ako sa timbangan ng Diyos sa oras na iyon, hinding, hinding, hindi ako sasapat sa mga dapat kong taglayin na ipinangungusap mo ngayong gabi. Nais kong alalahanin mo ako sa panalangin, na babaguhin ko na ang aking mga gawi, at papasok ang Diyos at aalisin ang walang kabuluhan na ito mula sa akin at gagawin akong isang tunay na Cristiano"? Maaari n'yo bang itaas ang inyong kamay para sa panalangin, kung inyong, kung inyong mamarapatin? Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos, diyan sa likod. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos, ginoo. Pagpalain ka ng Diyos, nakatatandang kapatid. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae.

Holy, Holy, Holy, Lord God of host.
Heaven and earth are full of Thee,
Heaven and earth are praising Thee,
O Lord Most High.

221 "Banal." Habang nag-iisip kayo ngayon, nananalangin, habang may nag-uudyok sa kaloob-looban n'yong nagkamali

nga kayo, at nais n'yo nang maitama kayo, maaari ba ninyong itaas ang inyong kamay, sabihin, "Diyos, gawin mo po sa akin ang nararapat sa akin"? Pagpalain ka ng Diyos, munting binibini. "Diyos, gawin mo po sa akin ang nararapat sa akin." Pagpalain kayo ng Diyos, kapatid na lalaki, kapatid na babae, ikaw, ikaw, ikaw sa dako *rito*.

222 Naghihingalo na ang panahon. Alam kong napakahirap, mga kaibigan, subalit mas maiging nalalaman na n'yo ngayon pa lang ang Katotohanan. Ngayon dumulog tayo sa taimtim na pananalangin.

Holy, Holy, Holy, Lord God . . .

Siya lamang, ang banal.

. . . full of Thee
Heaven and earth are praising Thee,
O Lord Most High.

223 Makalangit na Ama, sa paglubog ng araw sa gabing ito, ang mga robin ay nagtitipun-tipon sa mga punongkahoy kasama ng mga mahal nila sa buhay. Nasisitungo ang mga ibon sa kani-kanilang pugad. Lumilipad ang mga kalapati sa mga kawad, sa itaas, upang hindi sila magambala nitong mga ahas sa buong magdamag. Nangakadapo sila sa dakong 'yun at humuhuni sa isa't isa hanggang sa makatulog sila. Ang araw nga'y tuluyan nang lumubog.

224 Darating ang panahong patutungo na kami sa oras na 'yan. Tuluyan nang lulubog ang araw. Hindi ko alam kung kailan, Panginoon. Subalit may mga taong naririto ngayong gabi na naniniwalang nagkamali talaga sila, at nais nilang pumunta sa dakong 'yan, gaya ng pagpunta riyan ni Lincoln noong siya ay naghihingalo na, sabi, "Ibaling mo ang aking mukha sa lumulubog na araw." At nagsimula siyang manalangin, "Ama namin Na nasa Langit."

225 Gaya rin ng sinabi ni Moody ng matandang panahon, "Ito ba ang kamatayan? Ito na ang araw ng aking pagpuputong."

226 Oh Walang Hanggang Ikaw, tanggapin Mo po sila sa mga sandaling ito, sa pamamagitan ng pananampalataya, habang sila'y nangakaupo rito sa kanilang mga upuan. Kumatok Ka sa kanilang puso, sa kinauupuan nila riyan. Ang dakong 'yan ang kanilang altar. Ito na ang panahon upang tanggapin Mo sila, sa mga oras na ito. Sabi Mo, "Ang lumalapit sa Akin, sa anumang paraan ay hindi Ko itataboy."

227 At darating ang panahon sa paglubog ng araw, si asawang babae o si asawang lalaki ay tatayo sa tabi ng higaan, ang mga doktor ay magsisilakad palayo. Oh Banal, Banal, hayan na ang napakaganda, at napakatamis na katahimikan, bago tuluyang lumubog ang araw. Sa panahong 'yan kung kailan titindig kami at sasabihin naming:

Paglubog ng araw at Panggabing Bituwin,
At isang tiyak na pagpapauwi sa akin;
At wala nawa sa inyong manangis sa baybayin
Kapag ang dagat ay akin nang susuungin.

228 Oh Diyos, ipagkaloob Mo po sa kanila sa mga oras na ito ang bagay na 'yan; habang hinihintay nila, hinihintay nila ang pagpapala ng Diyos na bumuhos sa kanila. Alisin Mo ang lahat ng pagkamainitin ng ulo, lahat ng bagay na makasanlibutan, palayo sa kanila, at gumawa Ka po sa kanila ng isang bagong puso. Sinabi Mo, "Aalisin Ko ang dating puso, at maglalagay ng isang pusong laman. At Aking ilalagay ang Aking Espiritu sa pusong iyon, at lalakad sila sa Aking mga palatuntunan at iingatan ang Aking mga utos." Sapagkat, isang palatuntunan ito ng pag-ibig, at hindi ng tungkulin. Sa pag-ibig nga ito. At itinutulak kami ng pag-ibig na gawin ito. Isa itong tungkulin ng pag-ibig, na nagtutulak sa amin. Hayan nga't tungkulin namin ang sumunod sa pag-ibig. At dalangin ko, Diyos, na Iyo pong ipagkakaloob ito sa bawat pusong nagtaas ng kanilang kamay ngayong gabi.

229 At sa mga hindi naman po nagtaas ng kanilang kamay, gawin nila nawa ngayon, sa pamamagitan ng biyaya, na itaas ang kanilang mga kamay upang tanggapin Ka, at mapuspos ng Iyong Espiritu na ganitong kaamo, kalugod-lugod, kabanayad, at kababa; at mapuno nawa sila ng biyaya, na sa paglabas nila sa dakong ito ay isa na silang taong binago na. Hayan nga't ang huni ng mga ibon ay mababago, at ang bawat isa ay mababago, pagkatapos ng oras na ito, Oh Panginoong Kataas-Taasan.

Holy, Holy, Holy, Lord God of earth,
Heaven and earth are full of Thee,
Heaven and earth are praising Thee,
O Lord Most High.

230 Kayo ngayon na mga nakayuko ang mga ulo, kayo na mga nagsipagtaas ng inyong mga kamay upang kayo'y alalahanin sa panalangin, inyo na bang nadama na tila nangusap ang Diyos sa inyo sa isang paraan sa mga oras na ito, hindi sa emosyon, kundi nadama n'yo nga sa kaibuturan n'yo, nadama n'yong pinagkalooban kayo ng Diyos ng Buhay na Walang Hanggan? Damang-dama n'yo na sa inyong paglabas ngayong gabi ng simbahan ay ibang-iba na kayong tao? Maaari ba n'yong itaas muli ang inyong mga kamay ngayong gabi? Pagpalain ka ng Diyos, iho. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae. Pagpalain ka ng Diyos. Siyanga. "Lalabas ako ng simbahang ito, ngayong gabi, na bago nang tao." Bagong silang na mga sanggol sa Kaharian ng Diyos.

231 Anong nangyari? Alam kong nakaugalian na ng marami sa atin ang magtungo rito sa altar. Isa 'yang Methodist na altar, isang kinaugaliang Methodist, ang ibig kong sabihin. Iglesyang

Methodist ang nagpasimula nito, sa panahon ni John Wesley. Hindi nga ganoon noon sa panahon ng Biblia. "Marami ang nagsisampalataya na idinaragdag sa Iglesya." Maaari ka ngang sumampalataya saan ka man naroon, sa bukid, sa lansangan, kahit saan. Kahit saan pa, walang magiging kaibhan, basta't tanggapin n'yo si Cristo bilang sarili n'yong Tagapagligtas. Isa itong pagkilos ng Banal na Espiritu na pumapasok dun sa puso n'yo. Sa inyo ngang pagsampalataya sa Kanya, pagtanggap sa Kanya, lumipat kayo sa Buhay mula sa kamatayan, at kayo'y naging mga bago nang nilalang kay Cristo Jesus.

Pass me not, O gentle Saviour,

Ngayon magsitayo kayo.

. . . my humble cry;
While on others Thou are calling,
Do not pass me.

232 Ngayon nais kong ang ginoo at ang binibini, na sa tingin ko'y maybahay niya, na nagtaas kanina ng kamay, nais kong itaas n'yong muli ang inyong kamay diyan sa likod; anak, na nakasuot ng pulang amerikana, at isang ginang, na tumanggap kay Cristo bilang sarili nilang Tagapagligtas. Ang binata riyan na nakaupo sa isang silyang de gulong, na nung tanggapin si Cristo bilang Tagapagligtas niya, ay damang-damang iniligtas na siya ng Diyos. At sa iba pa riyan sa likod na nagsipagtaas ng inyong mga kamay, itaas n'yong muli upang makita ng mga tao sa paligid, upang magkaroon sila ng pakikisama sa inyo.

233 Makipagkamay po kayo sa kanila, sa mga nasa palibot, na nakatayo malapit sa kanila. Sabihin n'yo, "Pagpalain kayo ng Diyos. Malugod namin kayong tinatanggap sa kaharian ng Diyos, kapatid kong lalaki, kapatid kong babae." Pakikisama, 'yan ang pinaka aasam-asam nating lahat. Pagpalain kayo ng Diyos . . . Kamayan n'yo ang binatang ito sa silyang de gulong. Sumakanya ang Diyos. Sige lang po. Malugod namin kayong tinatanggap sa pakikisama ng Espiritu Santo.

234 Kung hindi pa kayo nababautismuhan, at ninanais n'yong mabautismuhan, lumapit lang po kayo rito at sabihin sa pastor ang tungkol dito. Puno ng tubig ang dako sa pagbabautismo, ngayong gabi, kung gusto n'yong mabautismuhan. Nakahanda na ang lahat. (Nabautismuhan na po ba kayo, dati o hindi pa?) Hayan nga't nakahanda na ang dako sa pagbabautismo, kung may sinumang nagnanais na magpabautismo. Sinabi ng Biblia, "Mangagsisi kayo, bawat isa sa inyo, at mangagpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng inyong kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo. Sapagkat sa inyo ang pangako at sa inyong mga anak, at sa lahat ng nangasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Diyos."

235 Iniibig n'yo ba Siya? Itaas n'yo ang inyong mga kamay. [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Oh, hindi ba't Siya'y kahanga-hangang talaga? Lubos ba kayong nasiyahan sa Aklat na ito ng Mga Hebreo? Nagustuhan n'yo Ito? ["Amen."] Sige. Mainam kung gayon. Ngayon, Ito'y pagtutuwid. Oh, Ito'y nakakasakit at Ito'y direkta, subalit gusto natin ang ganoon. Ganito natin Ito gusto. Hindi natin Ito gusto sa ibang paraan.

236 Ngayon, naniniwala ba kayong may kapangyarihan si Pablong ipangaral Ito nang ganoon? Sinabi ni Pablo, "Kung isang Anghel ang dumating at mangaral ng anumang ebanghelyo na iba, ay matakuwil." Tama ba? Hayan nga't iniibig natin Siya nang buong puso natin.

237 Ngayon hinihiling ko sa pastor na pumarito sa ilang saglit, ang ating pinakamamahal na kapatid, Kapatid na Neville, at may kaunti siyang sasabihin sa inyo. At ngayon, kung loloobin ng Panginoon, magkita-kita tayo ng Miyerkules ng gabi, at maghahanda tayo para sa pagpunta kina Kapatid na Graham Snelling para sa gabi ng pagtitipon kasama ang kongregasyon. At pagkatapos nun ipagpapatuloy natin dito ang pangangaral, sa ika-7 at ika-8 kabanata, nitong darating ding Miyerkules ng gabi. Kapatid na Neville.

*Ang Aklat Ng Mga Hebreo*

Ang labing-isang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham na orihinal na ipinangaral sa Ingles mula Agosto 21 hanggang Setyembre 22, 1957, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamamahagi ng Voice Of God Recordings.

TAGALOG

©2016 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org